American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-184-207
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Karanasan ng mga Di Filipino na mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino: Isang Penomenolohikal na Pananaliksik

Mecca A. Notario
*Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRAK:** Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay suriin at unawain ang hamon ang mga karanasan na kinakaharap ng mga di-Filipino na guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino sa mga pampublikong guro gamit ang penomenolohikal na pagdulog, tinalakay ng pag-aaral kung paano nakaapekto ang mga hadlang sa kanilang pagtuturo at paano nila pinahalagahan ang kalidad ng edukasyon. Ang pangunahing hamon na natukoy ay ang kakulangan sa kasanyan sa Wikang Filipino, hirap sa pagpapaliwanag ng mga malalim na termino, kakulangan ng mga guro sa espesyalisasyon sa larangan ng Panitikang Filipino. Bukod dito tinalakay din ang epekto ng mga pagbabago sa interes at pananaw ng mga mag-aaral, lalo na sa makabagong henerasyon na hindi gaano tumatangkilik sa Panitikang Filipino. Ipinakita ng pananaliksik na sa kabilang ng mga hamon, ang mga di-Filipinong guro ay gumagamit tulad ng pagsasanay sa sarili, pag-aangkop ng mga makabagong teknolohiya at ang pagbibigay diin sa pagpapalaganap at kasaysayan sa kanilangan mga leksyon upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pangangailangan ng mas malalim na suporta mula sa mga instittusyon ng edukasyon upang mas mapabuti ang pagtuturo ng Panitikang Filipino sa mga guro, pati narin ang pagpapalawak ng mga oportunidad sa kanilang propesyunal na pag- unlad.

**KEYWORDS:** *Karanasan ng di-Filipinong guro, Pampublikong guro sa Panitikang Filipino, Penomenolohikal na Pagdulog*

## I. INTRODUKSYON

Isa sa mga pangunahing hamon ay ang pagtuturo sa labas ng larangan ay tumutukoy sa mga guro na nagtuturo ng mga wala sa kanilang espesyalisasyon, tulad ng pagtuturo ng Panitikang Filipino ng mga Di-Filipinong guro. Bagaman kumalat na ang penomenong ito sa buong mundo, naiiba ang pagpapakita, pagtingin, at paghawak dito. Ito ay dahil sa iba't ibang regulasyon sa kung ano ang kwalipikado bilang isang propesyonal na guro. Dahil dito, ang pagtuturo sa labas ng larangan ay nagiging isang malubhang problema at madaling mawalang-bahala sa edukasyon ng guro (Hobbs & Porsch, 2021).

Sa Korea, nahaharap ang mga guro sa malalaking hamon dahil sa pagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon, isang isyung nagpapahirap sa kanila na magbigay ng de-kalidad na edukasyon. Marami sa mga guro ang nagtuturo ng mga asignaturang hindi nila pormal na pinag-aralan, kaya nahihirapan silang maghatid ng mga aralin ng epektibo. Madalas, ang mga guro na walang sapat na kwalipikasyon o may limitadong kaalaman sa isang paksa ay nagtuturo sa mga estudyante, na nagiging hadlang sa pagbibigay ng masusing pagkatuto. Isang estadistikal na pagsusuri ang nagpakita na mayroong 1,410 na guro sa sekondarya sa sample na ito sa buong bansa, at karaniwan ang pagtuturo sa labas ng kanilang larangan. Ang sitwasyong ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng agarang aksyon upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at matugunan ang mga hamon sa pagtuturo sa labas ng espesyalisadong larangan (Kwak 2019).

Sa Pilipinas, ang mga guro na hindi major sa isang asignatura ay itinalaga upang magturo sa mga mag-aaral sa pinakamahusay na paraan na kanilang makakaya. Ang pinakamahirap na sitwasyon ay kapag ang mga guro ay humahawak ng dalawa o tatlong magkaibang asignatura sa isang taon. Ang mga guro na nahaharap sa ganitong suliranin ay walang magagawa kundi tanggapin ang hamon, dahil alam nilang marami sa kanilang mga kapwa guro ang dumaranas din ng parehong paghihirap. Ayon kay Valenzona (2019), isinulat niya ang kalagayan ng mga guro sa Pilipinas at ipinaliwanag ang mga hamong kinahaharap ng mga ito. Inilahad niya ang katotohanan na kadalasan, ang mga guro ang unang sinisisi kapag hindi natututo ng maayos ang mga mag-aaral, kahit na sila ay may hawak na 300 mag-aaral araw-araw. Bukod pa rito, ang mga guro ay nahaharap sa mga administratibong at kahit na mga kasong kriminal na hindi nila ginawa o kaya naman ay hindi pinapakinggan ang kanilang panig.

Ang pananaliksik na ito ay nagtataglay ng isang espesyal na interes sa mga di-Filipino na guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Kung paano ang mga di-Filipino na guro ay nakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral sa loob ng paaralan ngayon at kung paano nila pinapayam ang kanilang mga aralin sa pamamagitan ng di bihasa sa asignaturang tinuturoan. Kaya bilang isang mag-aaral ng mayoryang Filipino at guro sa hinaharap, naghudyat sa akin bilang mananaliksik na bigyan ng solusyon at kasagutan ang mga isyu at problemang kinakaharap ng mga di-Filipino na guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino sa mga mag-aaral upang maging gabay ng mga guro at pati na rin ng mga mag-aaral sa naturang paaralan.

Ang praktikal na pagtuturo ng mga di- Filipinong guro sa pantikang Filipino ay malaki ang epekto nito sa pang araw-araw na gawain at propesyonal na pag- unlad ng mga di- Filipinong guro sa Panitikang Filipino ay maaaring hindi lubos na nasuri. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matugunan ang puwang na ito ay sapamamagitan ng pagsasaliksik sa mga epekto ng pagtuturo ng mgadi-Filipinong guro sa Panitikang Filipino, kabilang ang kanilang mga gawain at propesyunal na pag-unlad. Kinakailangan ding magsagawa ng paghahambing sa iba pangkonteksto upang makakuha ng mas malawak na pananaw at magbigay ng mas malalim ng pag- unawa sa mga pananaw ng mga di-Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino,

ang ganitong uri ng pananaliksik ay makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong mga solusyon at suporta para sa mga di-Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Upang mas mapakinabangan ang result ang pag-aaral na ito, ilathala ito sa aklatan at journal. Ang pananaliksik ay magiging libre para sa mga mag-aaral na gusting magbasa at mangalap ng impormasyon tungkolsa hamon ng mga di- Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Makakatanggap ng kopya,ang silid-aklatan at ang Research and Development Officice ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology upang matiyak na magagamit ng mga mag-aaral at guro ng institusyon ng pananaliksik.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang matuklasan ang mga naging karanasan ng mga di-Filipinong guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Layunin nitong mapabatid kung paano hinarap ang suliranin at paano nila ito binigyan ng buhay. Sa araling ito ay mabibigyang-linaw ang mga tanong kung ano ba talaga ang naging sitwasyon o paano nila kinakaya ang mga hamon na kanilang hinaharap pagdating sa kanilang pagtuturo. Sa araling ito malalaman natin kung ano ang kanilang mga ginawang hakbangin o estratehiya upang mas pursigido sila sa pagtuturo ng panitikang filipino. Sa pananiksik na ito ninanais ng mananaliksik na malaman ang totoong karanasan ng mga respondente sa kanilang naging sitwasyon, malalaman natin ang kanilang kwento at mga saloobin kung paano nila hinarap at kinakaya ang hamon ng buhay guro.

Bukod dito, ang penomenolohikal na pamamaran ang gagamitin sa pananaliksik na ito upang masusing tukuyin ang mga karanasan na may kaugnayan sa kumplikasyon at disenyo ng mga di Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong nakatuon sa paggalugad ng mga impormasyon kung paano ang mga hamon na ito ay nagiging hadlang sa kanilang epektibong pagtuturo.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Ang mga katanungan sa pananaliksik na ito ang nagsilbing gabay upang matugunan ang mga sumusunod:

1.Ano ang karanasan ng mga di-Filipinong mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino?

2. Paano natugunan ng mga di-Filipino na mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng Panitikang Filipino?

3. Ano ang mga pananaw o natutuhan mo bilang di- Filipino na mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino na maibabahagi sa mga kasamahan o sa kabuoan ng paaralan?

**Teoritikal na pokus**

Ang pananliksik na ito ay batay sa Cultural Adaptation Theory ni Young Yun Kim (1988) ay nagpapaliwanag kung paano umaangkop ang mga tao mula sa isang kultura kapag sila ay napunta sa bagong kultura. Para sa mga di-Filipino na guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino, mahalagang unawain kung paano nila tinatanggap at pinamamahalaan ang mga pagbabagong ito, lalo na't bahagi ng kanilang trabaho ang pagpapakilala ng mga aspeto ng kulturang Filipino. Sa teoryang ito, makikita ang proseso ng pagbuo ng kanilang kakayahan sa pakikibagay at kung paano nila naisasama ang kanilang sariling karanasan sa kulturang kanilang tinuturo.

Sa tulong ng teoryang ito, masusuri ang kanilang mga pinagdaraanan sa pagtuturo, mula sa pagharap sa mga isyung pangwika hanggang sa pakikibagay sa kaugalian at pananaw ng mga mag-aaral. Isa rin itong gabay sa pag-unawa kung paano nagbabago ang kanilang pananaw at kasanayan upang maging epektibo sila sa pagpapaliwanag ng Panitikang Filipino, habang patuloy silang natututo sa prosesong ito. Ang kanilang mga karanasan ay mahalagang bahagi ng mas malawak na usapin ng interkultural na edukasyon.

Sa kontekstong ito sapag-aaral, nagbibigay mahalagang suporta ang Intercultural Communication Competence Theory ni William B. Gudykunst (1988) na ito ay tungkol sa kakayahang makipag-ugnayan sa mga tao mula sa ibang kultura nang epektibo. Para sa mga di-Filipino na guro, mahalaga ang teoryang ito dahil tinutulungan nitong maipaliwanag kung paano nila natutugunan ang mga hamon sa pakikipag-usap at pagtuturo ng Panitikang Filipino. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagiging sensitibo sa kultural na pagkakaiba at paggamit ng mga istratehiya upang magkaintindihan nang maayos ang guro at mga mag-aaral.

Sa kontekstong ito, maaaring makita kung paano nagiging tulay ang mga guro sa pagitan ng kanilang sariling kultura at ng kulturang Filipino. Ang kanilang kakayahan sa pakikibagay sa kultural na pagkakaiba ay hindi lamang tumutulong sa kanila upang maihatid ang aralin kundi pati na rin upang magbigay ng mas makahulugang karanasan sa pag-aaral para sa kanilang mga mag-aaral.

Kaugnay rito, ang Experiential Learning Theory ni David Kolb (1984) ay nagpapaliwanag na ang pagkatuto ay nagmumula sa sariling karanasan ng isang tao. Para sa mga di-Filipino na guro, ang teoryang ito ay mahalaga dahil ipinapakita nito kung paano nagagamit ang kanilang personal na karanasan bilang pundasyon ng kanilang pagtuturo ng Panitikang Filipino. Sa bawat araw na pagtuturo, natututo sila mula sa mga hamon at tagumpay na kanilang nararanasan, na nagiging gabay sa kanilang propesyonal na pag-unlad.

Sa pamamagitan ng kanilang karanasan, natutuklasan nila ang mga estratehiyang mas epektibo sa pagtuturo. *Ang pagninilay o reflective learning* ay mahalaga sa prosesong ito dahil natutulungan silang mas maunawaan ang kanilang ginagawa at mag-adjust kung kinakailangan. Ang bawat karanasan ay isang hakbang tungo sa mas mahusay na pagtuturo, hindi lamang para maipaliwanag ang Panitikang Filipino kundi para maipadama rin ang yaman ng kulturang Filipino sa kanilang mga mag-aaral.

**Mga kaugnayan na literature**

Matapos basahin at siyasatin ng mananaliksik ang mga libro, ang mga pag-aaral na nakapaloob sa pananaliksik na ito at mga babasahin mula sa iba't ibang sanggunian na may kaugnayan sa pag-aaral na ito. Ang mga inilahad na ideya sa baba ay may kinalaman sa pag-aaral ng di-guro sa Filipino na nagtuturo ng Panitikang Filipino.

**Mga Hamon sa Pagtuturo ng Panitikan ng mga Di-Filipinong Guro**

Ang mga gurong di-medyor na nagtuturo ng Filipino ay hindi lamang nabibigyan ng maikling panahon sa pagtuturo nito. Ito ay tumatagal ng ilang taon sa asignaturang Filipino upang ituro ito. Ang mga bagong guro at yaong nasa unang dekada ng kanilang pagtuturo ay madalas na maatasan na magturo ng di-medyor na mga asignatura (Tenorio, 2022).

Samantala, ayon kay Augusto Jr. (2020), kailangang magbigay ng mga pagsasanay, seminar-worksyap at iba pang gawaing pampaunlad sa mga gurong napili sa ganitong pagtuturo. Ang panitikan ang pinakamalinaw na salamin ng ating pagkatao. Nagsisilbi itong kasangkapan upang maipakita ang kahalagahan ng ating pagkakakilanlan bilang isang Filipino. Kaya naman, hindi maipagkakaila ang pundamental na halaga ng pagtuturo ng panitikan sa mataas na paaralan, lalo't higit ng mga saling-akdang pandaigdig.

Bilang karagdagang, binibigyang diin ni De Jong et al. (2022), na ang kaalaman ng mga guro ay malakas na nakakaimpluwensya sa lahat ng aspeto ng pagtuturo tulad ng paghahanda, pagpaplano, at paggawa ng desisyon tungkol sa pagpili ng nilalaman na matututuhan. Kaya ang mga guro na nagtuturo sa labas ng kanilang pangunahing larangan ay nahaharap sa malaking hamon sa paghahanda ng aralin.

Ayon kay Manny (2019), kailangang paunlarin at hasain ng mga guro ang kanilang mga kasanayan upang mahasa ang pag-iisip ng kanilang mga mag-aaral. Kailangan nilang maging handa sa pagtuturo ngunit kailangan din nila ng abilidad upang mabigyan ng motibasyon ang mga mag-aaral. Hindi lamang ito usapin ng kaalaman sa dapat ituro ngunit kung paano maibabahagi ang isang kaalaman. Ang sapat na oras at pagkakataon na mag-ambag sa mga pagsasanay at pagpapalawig ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay nakakuha ng 8 na tugon mula sa mga kalahok ng pag-aaral. Ang sapat na oras at pagkakataon para sa pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino ay nagbibigay-daan sa mga guro na mapanatili ang kalidad ng kanilang pagtuturo at mapanatili ang kahalagahan ng Wikang Filipino sa sistema ng edukasyon. Ang aktibong pakikilahok sa pagpapabuti ng mga guro ay nagpapalawak ng kaalaman, kasanayan, mga halaga, at pananaw ng mga guro, pati na rin ang pinakabagong mga inobasyon sa larangan (Zhao, 2019)

**Epekto ng pagtuturo ng Di-Medyor na Asignatura**

Ang pagtugon ng isang guro sa pagtuturo ng hindi niya medyor ay maituturing isang panganib sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, sapagkat nakasalalay sa kaniyang pagtuturo ang katagumpayan ng pagkatuto ng isang mag-aaral. Ang mga guro ay may direktang impluho sa mga saloobin sa pagganap ng mga mag- aaral. Samakatuwid, napakahalagang makapaglipat ng kaalaman ang guro patungo sa mga mag-aaral nito.(O'Meara at Faulkerner 2021). Ang mga guro na nagtuturo ng isang asignatura na hindi nila pinagkadalubhasaan ay natatakot na ang kaalaman na kanilang ibinabahagi sa mga mag-aaral ay hindi sapat upang makaapekto sa kanilang kinabukasan. Dagdag pa rito, ang isang guro ay dapat na bihasa sa asignaturang kanyang ituturo upang magkaroon ng de-kalidad na pagtuturo at edukasyon. (du Plessis, 2019).

Sa kabila nito, may mga gurong pikit-matang tinatanggap pa rin ang hamon sa pagtuturo ng asignaturang taliwas sa kanilang medyor. Ito ay bilang pagsunod sa nakatataas sa kanila at dahil na rin sa nosyon ng pagkakaroon ng likas na katangian ng guro na magpakita ng kahusayan sa pagtuturo kahit taliwas ito sa kaniyang nakasanayang itinuturo. Napag-alaman na laganap ang ganitong uri ng pamamalakad kung itutuon ang perspektiba sa Pilipinas. Bagaman nakararanas ng mga suliranin ang guro sa ganitong instruksyon, tinatanggap at tumatalima pa rin sila sa pagtuturo ng asignaturang taliwas sa kanilang medyor. Ito ay dahil sa diskresyon sa pagsunod sa mga usaping pampangangasiwa ng mga ulo ng paaralan. (Pacana et al. 2019).

Ayon kay Yumang (2021) sa bawat pagsubok sa buhay ay maaaring magbunga ng mga malalaking oportunidad. Sa konteksto nito, ang mga oportunidad na ito ay may kaugnayan sa magandang halaga at benepisyo sa pagtuturo ng mga di-midyor na guro. Sa ibang salita, ang pagtuturo ng mga asignaturang hindi nasa kanilang larangan ng espesyalisasyon ay isang malaking oportunidad upang magkaruon ng bagong pananaw, lumabas sa kanyang comfort zone, at magkaruon ng oportunidad sa sariling pagpapakilala. Ito rin ay nagbubukas ng mga pagkakataon upang lumago sa propesyonal na larangan bilang isa sa mga kalamangan nito, at nagdadala ng mas maraming oras at pagsusumikap maipasa ang aralin batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

**Pananaw ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikan**

Ang pagtuturo ng panitikan, tulad ng iba pang mga asignatura, ay nangangailangan ng tamang kaalaman at kasanayan mula sa mga guro upang magtagumpay ang mga mag-aaral. Ayon kay Hobbs (2020), mahalaga ang pagsasaayos ng mga tiyak na pangangailangan sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa labas ng kanilang larangan, pati na rin ang pagkakaroon ng mga nakatakdang karanasan sa pagkatuto, upang mapakinabangan ang tuloy-tuloy na pagkatuto at maging angkop ang mga guro sa kanilang mga silid-aralan. Ang ganitong mga pagsasaayos ay hindi lamang nakatutok sa pagpapahusay ng kaalaman ng guro sa kanilang mga asignatura, kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila pangunahing larangan.

Ipinahayag ni Shah (2020), na may napakahalagang papel ang mga guro sa paghimok ng mga mag-aaral. Upang magtagumpay sa ganitong layunin, kinakailangan nilang magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksa, kasama na ang pagtuturo ng panitikan. Ang kanilang kasanayan sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan at ang kanilang kakayahang magbigay ng mga angkop na pamamaraan ng pagtuturo ay magsisiguro ng mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dagdag pa ni Hobbs (2020), ang mga guro na nagtuturo sa labas ng kanilang larangan ay nangangailangan ng isang suportadong kapaligiran na may sapat na pagsasanay at kasanayan upang mapagtagumpayan ang mga hamon na dulot ng kanilang bagong asignatura. Mahalaga ring isaalang-alang ang konteksto ng bawat guro sa kanilang karanasan sa pagtuturo upang matiyak na ang mga programa para sa kanilang pag-unlad ay angkop sa kanilang mga pangangailangan at sitwasyon.

Ayon kay Du Plessis (2020), na ang mga guro sa mga asignaturang hindi nila espesyalisado ay interesado rin sa kanilang pagtuturo. Nakikita nila rin ito bilang isang pagkakataon upang makakuha ng bagong kaalaman at naniniwala sila na ang pagtuturo ng asignaturang hindi nila ganap na masterado ay makakatulong sa kanilang hinaharap bilang guro. Ang pagtuturong out-of-field ay isang penomena na ang guro ay itinalaga sa isang disiplina na wala siyang sapat na kasanayan at kulang ang kanyang kwalipikasyon. Kaya, ang ganitong sistema ng pagtuturo ay nangangailangan ng pagsasanal (Ingersoll, 2019).

**Estratehiya sa pagtuturo ng Panitikan**

Ang mga estratehiya at pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro ay may malaking epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang interactive na pamamaraan ng pagtuturo ay may pinakamalaking epekto sa pagganap sa lahat ng iba pang estratehiya sa pagtuturo. Sa proseso ng pagtuturo, ang napapanahong feedback at formative evaluation na ibinibigay ng mga guro ay nagbigay ng pinakamalaking epekto sa akademikong output. Ang komunidad ng akademya ay nagbibigay ng malaking kahalagahan sa awtonomous learning ng mga mag-aaral, gayunpaman, ang self-controlled learning ng mga mag-aaral mismo ay maaaring hindi isang epektibong paraan upang mapabuti ang akademikong output. Ang paraan kung paano pinaplano at pinamumunuan ng guro ang silid-aralan ay magkakaroon ng malaking epekto sa akademikong tagumpay ng mag-aaral. Kung ang isang guro ay hindi ganap na nakatuon at nasasabik sa kanilang itinuturo, makikita ito ng mga bata at hindi sila magiging interesado na matuto nang kasing dami ng kaya nila. Ang isang epektibong guro ay madalas na nagiging isang propesyonal na lider na nag-iisip, nagmumuni-muni, at nagpapatupad (Vijayan, 2020).

Dagdag pa ni Bugwak (2020) kinakailangang matutunan ng mga guro ang paggamit ng iba't ibang mga estratehiya sa pagtuturo upang mapalakas ang pagkatuto ng mga estudyante. Ang tagumpay o kabiguan ng pagpapatupad ng mga aktibidad sa pagtuturo at pag-aaral ay nakasalalay sa kakayahan ng mga guro na maisagawa ang mga tungkulin at papel ng mga guro nang propesyonal batay sa mga layunin sa pagkatuto. Mula sa madali hanggang sa mahirap, nagtataguyod ang mga guro ng iba-ibang gawain. Nangangailangan ito ng masusing pagpili ng mga paraan at diskarte para makuha ang buong atensyon at interes sa aralin ng mga nag-aaral (Sumitra 2021).

Mahalaga ang pagkakaroon na angkop na estratehiya sa pagtuturo upang maibahagi niya ang kaalaman.Ang mga gabay sa pagtuturo ay mga pangkalahatang gabay na naglalarawan ng mga layunin na dapat matugunan ng mga estudyante sa pangkalahatang proseso ng pagtuturo. Sa paggawa ng gabay sa pagtuturo kinakailangang magtakda ng layunin, linangin ang mga estratehiya at alamin ang angkop na kagamitang gagamitin. Ito ay dapat naglalaman ng mga tiyak na sangkap o hakbang upang mas madaling matamo ang mga layunin (Nuangchalerm 2020).

Ayon naman kay Raymundo (2021) na pinapalakas ang mga guro sa pamamagitan ng mga seminar at pagsasanay lalo pa ang mga guro na nagtuturo ng di-medyor na asignatura. Ang mga guro na may sapat na pagsasanay at karanasan sa akademiko ay nakikita na may kakayahang gawin ng mahusay sa larangan ng paksa at mga kasanayan sa pagtuturo (Recede, 2023).

Ang pagsasanay at seminar para sa mga guro ay maaaring mapabuti ang kanilang epektibong pagtuturo at kanilang pagpapahalaga sa sarili. Layunin ng propesyonal na pagpapabuti ng mga guro na mapabuti ang mga paraan ng pagtuturo at mga pananaw ukol sa mga gawain sa silid-aralan na mag-aambag sa kalidad ng pagtuturo na matatanggap ng mga mag-aaral (Ajani, 2019)

Ang integrasyon ng teknolohiya ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo na makapagpapayaman sa lalong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng teknolohikal na aspekto sa pagtuturo ng panitikan at gramatika ay makapag-aambag sa mas mabisa at ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ayon kina Casinillo at Guarte (2018), ang mga estratehiya o pamamaraan sa pagtuturo ay may malaking kontribusyon sa kabisaan ng guro sa proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto. Tunay nga namang nakasalalay sa guro ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa isang paksa. Alalaon baga'y kailangang bigyang-pansin ng guro kung angkop ba ang estratehiya o pamamaraang kaniyang ginagamit sa pagtuturo (Shukla et al, 2020)

Sapag-aaral nina Utheim at Hopfenbeck (2019), na nahihirapan ang mga mag-aaral na matuto mula sa mga tugong ibinibigay sa kanila ng guro. Kaya naman, lubos na mahalaga para sa isang guro na tiyakin ang kabisaan ng paraan ng pagtatayang kaniyang gagamitin. Mahalagang bigyang-pansing ang paggamit ng tradisyonal at makabagong paraan ng pagtataya ay makatutulong sa matagumpay na pagganap ng mag-aaral sa isang gawain at tugon ng guro. Dagdag pa rito, ang paggamit ng awtentiko o tunay na paraan ng pagtataya ay mabisa sa pagkatuto at paglahok ng mga mag-aaral (Fell-Kurban, 2019). Ang kalidad, at hindi kuwantidad, ang susi sa pagkatuto ng mga mag-aaral; ibig sabihin mas mainam ang pagbibigay ng indibiduwal na tugon.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Sa pagsasagawa ng penomenolohiya na pananaliksik na ito sa karanasan ng mga di-Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang pag-aaral na ito. Ang pag-aaral na ito ay isasagawa upang malaman ang karanasan ng mga di filipino na mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Anuman ang matutuklasan sa pag-aaral na ito ay magsisilbing patnubay at magbibigay nang mabuting kabatiran, kabuluhan, kapaki pakinabang at may malaking ambag sa sumusunod.

**Sa tagapamahala ng paaralan,** ang pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga tagapamahala ng mga paaralan dahil ito ay maaaring makapagbibigay ng mga rekomendasyon sa mga paaralan o institusyon sa pagtuturo upang mas mapabuti ang kanilang programa sa pagtuturo at mga suportang ibinigay sa di guro sa Filipino. Ito rin ay maaaring magbigay impormasyon at pagpapahusay upang mapabuti ang mga kurikulum sa edukasyon. Sa pamamagitan nito, maaaring malaman kung alin ang mga kakulangan sa mga kasalukuyang kurikuluma kung anu-ano ang mga aspeto na kailangan pagtuunan ng pansin. At magbibigay ito ng mga *insights* kung paano mapapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo at kung anong mga pagsasanay ang kinakailangan upang maging mas epektibo. Makikita rin dito ang mga estratehiya na nagagamit ng mga guro upang mapataas ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Filipino.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa **mga Guro,** upang maipabahagi nila ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. At makaisip ng pamamaraan at solusyon kung paano matugunan ang mga pangangailangan ng mga guro, para sa epektibong pagtuturo. Ito ay mahalaga upang hindi panghinaan ang kanilang mga guro sa kabila na dinanas ngayon at magagawa nitong makamit, ang inaasahan na kasiyahan at motibasyon sa pagtuturo, upang mapadali ang produktibo at mabigyang solusyon ng mga guro ang mga hamon sa paaralan.

Bukod dito, ang sumusunod ay ang magiging ambag ng pananaliksik na ito:Magsisilbing isang mahusay na sanggunian ng impormasyon ng mga karanasan ng mga di-Filipinong guro sa iba't ibang hamon sa pagtuturo ng Panitikang Filipino sa **Tagapamahala ng paaralan**, ang pag-aaral na ito ay magiging paki-pakinabang sa lahat ng pampublikong paaralan

ng Munisipalidad ng Kapalong dahil magsisilbi itong isang batayan upang mas matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang guro, sa kanilang suliranin sa pagtuturo.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa **mga Guro,** upang maipabahagi nila ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. At makaisip ng pamaraan at solusyon kung paano matugunan ang mga pangangailangan ng mga guro, para sa epektibong pagtuturo. Ito ay mahalaga upang hindi panghinaan ang kanilang mga guro sa kabila ng dinanas ngayon at magagawa nitong makamit, ang inaasahan na kasiyahan at motibasyon sa pagtuturo, upang mapadali ang produktibo at mabigyang solusyon ng mga guro ang mga hamon sa paaralan.

Ang pag-aaral na ito ay makakatulong *sa* ***Administrasyon*** **ng Paaralan** upang matulungan ang mga guro na mabigyan ng kaukulang atensyon at suporta sa kanilang mga pangangailangan para sa epektibong pagtuturo sa ilalim nga matatag kurikulum sa paaralan. Pagbibigay ng mga kaukulang solusyon sa mga hamon ng guro sa kanilang pang-araw-araw na estratehiya at motibasyon sa pagtuturo. Sa kadalahilanan, ang pag-aaral na ito ay maaring magbigay ng inspirasyon at nag-udyok para sa **mga mananaliksik sa hinaharap** upang makatulong sa pagsasagawa ng mga pananaliksik na magkatulad na konsepto, sa pag-aaral na ito. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan sa pagbibigay ng mga mahahalagang impormasyon patungkol sa mga hamon ng mga di Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Sa pananaw ng mga mananaliksik ito ay makakatulong na suportahan ang mga mananaliksik na may kinalaman sa mga hamon ng mga di Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino.

**Katuturan ng mga Katawagan**

Ang sumusunod ay mga terminolohiya ginamit na ito na ibinatay sa kabuoan ng pananaliksik. Ang mga nasabing termininolohiya ay nasa paalpabetong pagkakasunod-sunod.

**Gurong Hindi Espesyalisado sa Filipino.** Ang terminong ito ay tumutukoy sa isang guro na may kakayahan at pagsasanay sa pagtuturo ng Filipino at mga akdang pampanitikan ng Filipino kahit na ang kanyang pangunahing larangan ay hindi ito. Siya ay gumagamit ng mga kasanayan mula sa iba't ibang disiplina upang ituro ang mga aspeto ng wika, kultura, at Panitikan ng Filipino.

**Panitikang Filipino**. Ang terminong ito ay tumutukoy sa kabuuan ng mga akdang pampanitikan na nilikha gamit ang wikang Filipino o mga katutubong wika ng Pilipinas. Saklaw nito ang iba't ibang anyo ng panitikan, tulad ng tula, maikling kwento, nobela, dula, sanaysay, at iba pa, na naglalaman ng mga karanasan, kaisipan, at damdamin ng mga Pilipino. Ang Panitikang Filipino ay nagsisilbing salamin ng kultura, kasaysayan, at mga isyung panlipunan ng bansa, at isang mahalagang bahagi ng pambansang identidad ng mga Pilipino.

**Penomolohikal.** Ayon sa gamit nito sa pag-aaral Penomenolohikal ito ay isang uri ng pamamaraan ng pananaliksik na ang tawag sa karanasang dinanas ng mga partisipante. Ang pamamaraang naghahangad na malaman ang pagkakaparehas at pagkakaiba ng mga partisipante sa pamamagitan ng interview o panayam. Ang pag-aaral na ito ay naglalayon maunawaan at malaman ang karanasan ng mga di-Filipino na guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino tutumpok sa pag-aaral na to ang penomenotonik na pamamaraan na kung saan ay tumutukoy sa pag oobserba, pakikipanayam, pag- analisa ng mga karanasan at pagsusuri ng mga datos mula sa mga partisipante.

**Limitasyon at Delimitasyon**

Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ng purposive sampling pinili ang sampung (10) mga di-Filipino na guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino sa lahat ng pampublikong paaralan sa Munisipalidad ng Kapalong bilang partisipante sa pananaliksik. Ayon sa planong napagkasunduan, isasagawa ko ang pananaliksik sa taong panuruan 2024-2025. Ang sampung (10) kalahok, sa IDI o In-depth interview. Kinakailangan isagawa ang pananaliksik na ito sa lalong madaling panahon upang makuha ang datos o impormasyon kung ano-ano ang mga karasan o hamon na dinanas ng di-guro Filipino na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay isang opurtunidad upang makuha ng komprehensibong impormasyon ukol sa mga karanasan ng di-guro sa Filipino na nagtuturo sa Panitikang Filipino ng Kapalong.

Gayunpaman, ako bilang isang mananaliksik sa batsillyer sa edukasyon midyor sa Filipino ng KCAST, kinakailangan tanggapin ang anumang posibleng mga poblema at kakulangan na maaring maging isang hamon sa pananaliksik at sa pag-abot ng pangkalahatang gawain sa pag-aaral. Bukod dito, hindi ko maipapangako ang anumang hindi pagkakamali ng mga partisipante sa gitna ng pagtatanong sa hamon at pananaw bilang mga panauhin sa panaliksik na isasagwa. Ang mga resulta ng pananaliksik ay nakabatay lamang sa mga sagot ng mga piling partisipante na tinanong sa konteksto pagkatapo ng pakikipanayam. Ang pag-aaral na ito ay isang pahapyaw sa karanasan, kalagaya, at mga saloobin lamang ng sampung (10) na partisipante.

## II. METODOLOHIYA

**Disenyo ng pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay gagamitan ng kwalitatibong pananaliksik gamit ang penomenolohiyang pagdulog. Ayon kay Creswell (2013), ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalayong magbigay ng masusing pag-unawa sa mga karanasang pantao at mga penomena sa kanilang likas na konteksto. Sa pamamaraang ito, ang mga mananaliksik ay nagsisiyasat ng mga tiyak na insidente o kaso upang makakuha ng mga pananaw tungkol sa mas malawak na mga prinsipyo o pattern. Ang disenyo na ito ay nagtatampok sa detalyado at kontekstuwal na pagsusuri ng isang limitadong bilang ng mga paksa o kaso, na nagbibigay-daan para sa komprehensibong pagsisiyasat ng mga kumplikadong isyu at interaksyon. Dagdag pa rito, nasasangkot ang kwalitatibong pananaliksik sa mga pagsusuri at interpretasyon ng makabibigay ng kaganapan sa mga hamon o poblemang danas ng mga indibidwal sa lipunan. Ang kwalitatibong pamamaraan ay naangkop sa ninanais ng mga mananaliksik na maunawaan at pagkasaliksikan ng mga hamon na kinakaharap ng mga pampublikong guro sa makabagong kurikulum, at kung paano nila nalampasan ang ganitong pagsubok, at ano ang ginawa, at sino ang mga naging inspirasyon nila upang ma nalampasn ang mga hamon. Karagdagan ang ginagamit ng mananaliksik ang desinyong ito, upang maunawaan ang mga karanasan, kalagayan at suliranin, upang maipapakita ang partikular na hamon at pagsubok na lkanilang hinaharap, pati na rin ang kanilang mga estratehiya at pag-angkop sa makabagong kurikulum. Ang ganitong pag-aaral ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kaganapan at interaksyon na hindi agad nakikita sa pangkalahatang pagsusuri.

Ang pag-aaral na ito ay gagamitin ang penomenilohiyang dulog. Isang dulog ng pag-aaral na nakatuon sa pag-unawa ng mga hamon sikolohikal at panlipunan na suliranin mula sa pananaw ng mga partisipante na pananaliksik na ito. Sa karagdagan idiniin din ni Creswell (2013), ang penomenolohiyang pag-aaral ay nakadisenyo sa paglikum ng mga datos sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga personal na karanasan, saloobin, at opinyon ng mga indibidwal mula sa kanilang pansariling pananaw. Naangkop ang kwantitatibong-penomenolohikal na paraan sa pag-aaral na ito sapagkat ipinapakita ang mga karanasan, hamon, pananaw, at pagbabago na nararanasan ng mga pampublikong guro kaugnay ng makabagong kurikulum. At dahil naniniwala ang mga mananaliksik na isa itong epektibong disenyo ng pag-aaral, upang maipaliwanag ng mas malalim ang mga personal na pagsubok at estratehiya ng mga guro, pati narin higit na maunawaan ang mga karanasan ng isang indibidwal.

Ang kontekstong ito ay ginamitan ng penomenolohikal na pamamaraan dahil ito ay nakatuon sa pag-unawa sa mga hamon ng guro sa paaralan. Ang pag-aaraal ay interpatibo, dahil ang daan sa pananaw ng mga kalahok ay nakasalalay sa paraan ng mga mananaliksik sa kanilang ideya. Sumakatuwid, ang Interpretative phenomenological Analysis (IPA) ay angkop upang sagutin ang mga naunang itinatalagang tanong sa pananaliksik. Ang semi-structured na panayam ay ang napiling paraan ng pangangalap ng data, dahil ang IPA ay nagbibigay daan sa mga kalahok na magbigay ng detalyado at nagbibigay ng kalayaan sa mga kalahok na ipahayag ang kanilang mga saloobin at damdamin sa paraang mas natural.

**Mga Partisipante sa Pananaliksik**

Kabilang sa pag-aaral na ito ang sampung (10) di- Filipinong guro sa Panitikang Filipino. Ayon kay Vasileiou (2018), 5-25 kalahok ay maaring lumahok bilang partisipante para sa kwalitatibong pananaliksik na pinili upang kumatawan sa pangkalahatang populasyon tungkol sa isang tiyak na pangyayari na sinisiyasat ng mananaliksik. Ang mga kwalitatibong pag-aaral na may 10 hanggang 15 mga kalahok na sasailalaim sa in-depth interbyu ay madalas na nagbibigay ng mayaman at makabuluhang datos, lalo na kapag naabot na ang impormasyong kinakailangan sa ginagawang pag-aaral (Patton, 2002). Dahil dito. sampung (10) guro sa Filipino sa ikapitong baitang sa pagbabalik ng in-person na klase ang napili. Ang sampung (10) kalahok ay lalahok sa malalim na panayam o In-Depth interview. Ang magiging resulta ng pag-aaral ay ibinatay lamang sa mga kasagutan base sa kanilang damdamin, karanasan at pananaw ng mga kalahok hinggil sa kanilang kawilihang pakikilahok sa pamamagitan ng interbyu at tanging ang mga di- Filipinong guro sa Panitikang Filipino lamang ang kasama sa pag-aaral na ito.

Ang pananaliksik na ito ay gagamit ng purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok. Ayon kay Padilla-Diaz (2015), ang purposive sampling ay ginagamit upang pantay na mapili at kilalanin ang mga kalahok, dahil kailangan ng mga kalahok na magbigay ng malalim na impormasyon tungkol sa paksa upang mabigyan ng pinakamahusay na paggamit ang limitadong mapagkukunan ng impormasyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng teknik na to sa pagpili ng mga katahok na kanapkado sa gagawing pananaliksik, ang mananaliksik ay maaaring makapagbigay ng komprehensibo at detalyadong awtput. Ang purposive sampling ay nagtatakda rin at pumipili ng mga indibidwal o grupo ng mga indibidwal na may espesyal na kaalaman o sapat na karanasan sa penomenon na pinag-aaralan (Van, 2017).

Ang kwalitatibong pag-aaral ay makabuluhan sa paraan ng pagpili ng mga partisipante kung saan, sila ay pinili sapagkat sila ay kakikitaan ng kahalagahan sa pagsagot ng mga katanungan sa pananaliksik at pagpapahusay sa pang-unawa sa penomenang pinag-aaralan (Creswell, 2009). Ang mga kasali sa pag-aaral na ito ay mga di-Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino. Dagdag dito, pinili ko ang mga kalahok batay sa mga paunang itinakdang pamantayan upang sila ay kwalipikadong isinama: (a) dapat siya ay isang guro sa pampublikong paaralan, DepEd (b) dapat ay isang di- Filipinong guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino (c) dapat siya ay nakapagturo ng Panitikang Filipino sa mga mag-aaral. Magiging angkop at wasto ang pag-aaral na ito dahil naglalayong isali ang mga di-Filipino na guro sa Panitikang Filipino sa lokal na paaralan ng Kapalong Davao del Norte upang matukoy ang kanilang karanasan, paano nila nalampasan at ang kanilang pananaw patungkol sa paksang pinag-aaralan.

**Pamamaraan sa Paglikom ng datos ng Datos**

Bilang isang mananaliksik, gagawa ako ng mga hakbang sa paglilikom ng mga datos at mga mahahalagang impormasyon para sa pananaliksik na ito. Bago ko simulan ang pananaliksik, tungkulin ko na magkaroon ng ugnayan sa mga guro kung paano ba simulan ang isang pananaliksik. Pagkatapos magsasagawa ng pagpaplano sa gagawing pananalikik, ako bilang isang mananaliksik ay kailangan maghanap ng kalahok na nagtuturo sa Panitikang Filipino na nagtuturo sa pampublikong paaraan sa Munisipalidad ng Kapalong. Ang kwalitatibong pananaliksik ay kadalasan nangangalap ng mga datos sa iba't ibang pamamaraan gaya ng pakikipanayam, obserbasyon, at pagdodokumento (Creswell, 2017). Bilang isang mananaliksik, gagawa ako ng mga hakbang sa paglilikom ng mga datos at mga mahahalagang impormasyon para pananaliksik na ito.

Bukod dito, ang pagsunod sa proseso ng pananaliksik ay higit na maunawaan ang pananaliksik na ito, at napagabihan din ang kalahok patungkol sa kanilang mga maitutlong upang matagumpayan ko ang pananalikik na ito. Pagkatapos, magtatakda ang mananaliksik ng oras at petsa na kailan libre at walang ibang gawain ang partisipante sa gagawing pakikinayam. Dagdag pa dito, ang mga na aprobahang gabay sa panayam (approved guide question) ito ang magsisilbing gabay ng mga partisipante sa pakikinayam, at wala ng iba pang katanungan na tatanungin ang mananaliksik bukod sa mga katanungan nag nakasaad sa gamay na mga tanong sa pananaliksik.

Batay kina Mc Millan at Schumacher (2015), ang malalim na panayam (In-Depth Interview) ay isang pagpapanayam na may inaasahang layunin. Sa pamamagitan ng (In-Depth Interview), nabibigyan ng oportunidad ang mga partisipante na ibahagi ang kanilang karanasan na may kaugnayan sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Ang pinalalim na panayam ay isang pagpapanayam na may inaasahang layunin. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng oportunidad at naging malaya ang mga partisipante sa pagbahagi ng kanilang karanasan maging sa pagsagot sa mga katanungan.

## III. RESULTA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga impormasyon o datos bilang resulta sa isinagawang pananaliksik. Ito ay naglalaman ng mga pahayag mula sa mga kalahok ng mga mananaliksik at kalakip na ang angkop na proseso upang masala ng mabuti ang kaayusan at kalinawan nito. Kinakapalooban ito ng mga datos na mahalaga sa pag-aaral. Nilikom ang mga

mahahalagang impormasyon o datos sa pamamagitan ng in-depth interview at naitala ang mga ito sa tulong ng messenger app at pagre-rekord sa Andriod Phone. Ang mga kasagutan ng mga kalahok ay itinala at minabuting sinuri upang makabuo ng mga tematikong pahayag at mga tema sa pag-aaral. Ang sampu (10) na mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga di-Filipino na mga guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino na nagbahagi ng kanilang mga pananaw at saloobin patungkol sa nasabing pag-aaral.

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: 1. Ano ang karanasan ng mga di Filipinong mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino?**

**Pangalawang Katanungan sa Pananaliksik:2. Paano natugunan ng mga di Filipino na mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng Panitikang Filipino?**

**Pangatlong Katanungan sa Pananaliksik: 3. Ano ang mga pananaw o natutuhan mo bilang di Filipino na mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino na maibabahagi sa mga kasamahan o sa kabuoan ng paaralan?**

Ang kabanatang ito ay nahahati sa apat na bahagi: Ang unang bahagi ay tumatalakay ukol sa mga kalahok na pinagmulan ng mga datos para sa pananaliksik. Ang ikalawang bahagi ay sumasaklaw sa mga proseso sa pagsusuri ng mga datos at ang mga hakbang sa pagkakategorya ng mga temang lumitaw mula sa naging kinalabasan ng in-depth interview. Nakapaloob naman sa ikatlong bahagi ang mga naging tugon sa panayam sa bawat katanungan sa pananaliksik at makikita sa hul o pang-apat na bahagi ang buod ng lahat ng mga katanungan ng mga kalahok

**Mga Pangunahing Partisipante**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga di Filipino na mga guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino sa napiling mga pampublikong paaralan sa bayan ng Kapalong sa Division ng Davao del Norte. Makikita sa Talahayan 1 ang propyl ng mga importante para sa in-depth interview o isa –isang pakikipanayam. Kablang sa presentasyon sa mga talahanayan ang kani-kanilang participant code, palayaw, kasarian at edad. *In-Depth Interview*. May sampung pangunahing partisipante sa I*DI*: ang mga ito ay pawang mga di-Filipinong guro mula sa iba't ibang pampublikong sekandaryang paaralan na nagtuturo ng Panitikang Filipino sa taong panuruan 2024-2025.

Sa panahon ng panayam, Ayon sa prinsipyo ng pagiging kompidensyal, ang bawat kalahok sa masusing panayam ay binigyan ng pansamantalang pangalan habang isinasagawa ang panayam, ayon sa metodolohiyang ginamit ni Bernal (2014). Ang mga alyas na ginamit ay nagmula sa mga katangian ng mga kalahok, mga palayaw na kadalasan ay itinatawag sa kanila, paboritong karakter sa isang palabas, paboritong bagay, kasintunog sa kanilang pangalan. Ang mga partisipante ay pumili ng iba't ibang uri ng palayaw na nagiging sanhi ng pahirapang pagkilala sa kanila. Halimbawa, Klee ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-01 sapagkat ito'y para sa isang taong laging puno ng enerhiya, mahilig sa pagpapatawa, at madalas magdala ng saya at kaligayahan sa paligid. Amber ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-02 Para sa isang masiyahing tao na palaging handang tumulong at may malasakit sa kapwa. Ganyu ang palyaw na ibibigay sa partispante na si IDI-03 para sa isang malumanay at mahinahong tao na may malasakit sa iba at nagtataglay ng mataas na moralidad.

Sa panahon ng panayam, Ayon sa prinsipyo ng pagiging kompidensyal, ang bawat kalahok sa masusing panayam ay binigyan ng pansamantalang pangalan habang isinasagawa ang panayam, ayon sa metodolohiyang ginamit ni Bernal (2014). Ang mga alyas na ginamit ay nagmula sa mga katangian ng mga kalahok, mga palayaw na kadalasan ay itinatawag sa kanila, paboritong karakter sa isang palabas, paboritong kulay, kasintunog sa kanilang pangalan. Ang mga partisipante ay pumili ng iba't ibang uri ng palayaw na nagiging sanhi ng pahirapang pagkilala sa kanila. Halimbawa, Klee ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-01 sapagkat ito'y para sa isang taong laging puno ng enerhiya, mahilig sa pagpapatawa, at madalas magdala ng saya at kaligayahan sa paligid. Amber ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-02 para sa isang masiyahing tao na palaging handang tumulong at may malasakit sa kapwa. Ganyu ang palayaw na ibibigay sa partispante na si IDI-03 para sa isang malumanay at mahinahong tao na may malasakit sa iba at nagtataglay ng mataas na moralidad. Mavuika ang palayaw na ibibigay sa partispante na si IDI-04 para sa isang tahimik at mahinahon na tao na may mataas na pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura. Jean ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-05 dahil ito'y umano para sa isang may pagka-makalikhang tao na laging may maliksing ideya. Ei ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-06 para sa isang palayaw na mayibay at malakas na personalidad ng partisipante. Furina ang palayaw na ibibigay sa partisipante na si IDI-07 sapagkat ito ay sumisimbolo sa katapatan sa katarungan, Kalayaan at matibay na prinsipyo sa batas. Yellow ang palayaw ng partisipante na si IDI-08 sapagkat siya ay isang taong nagpapasaya ng kaniyang kapaligiran at kilala sa kaniyang positibong pananaw sa buhay. White palayaw ng partisipante na si IDI-09 dahil sumisimbolo ito sa may malasakit at matibay na prinsipyo sa buhay at mga katangian na taglay niya. Green ang palayaw ng partispante na si IDI-10 sapagkat ito ay paboritong kulay niya simula bata pa. Bukod rito ang berde ay sumisimbolo rin ng sigla, bagong simula.

**Talahayanan 1**
**Propayl ng mga Importante para sa In-Depth Interview**

| Palayaw | Kasarian | Edad | Code |
|---|---|---|---|
| Klee | Babae | 27 | IDI-01 |
| Amber | Babae | 51 | IDI-02 |
| Ganyu | Babae | 38 | IDI-03 |
| Mavuika | Lalaki | 45 | IDI-04 |
| Jean | Babae | 52 | IDI-05 |
| Ei | Babae | 47 | IDI-06 |
| Furina | Babae | 46 | IDI-07 |
| Yellow | Babae | 34 | IDI-08 |
| White | Babae | 39 | IDI-09 |
| Green | Lalaki | 35 | IDI-10 |
| Kabuoan=10 | | | |

**Kategorya ng mga Datos**

Pagkatapos ng panayam, ang inerekord na talakayan ay itinala, isinalin at sinuri pagkatapos ng isinagawang isa-isang panayam (In-depth interview). Sa pagsusuri, isinagawa ang tatlong mahalagang hakbang: pagsasaayos ng mga datos, paglalahad ng nasisiayos ng mga dato, at konklusyon. Ang mga temang lumitaw ay ginamit na batayan para sa pagtalakay sa kabuoan ng penomenang pinag-aaralan.

Sa pagsasaayos ng mga datos, lahat ng mga tugon ng mga kalahok ay isinalin,ipinangkat at isinaayos.Pagkatapos nito ay ag paglalahad ng mga naisasaayos na mga datos sa Talahanayan 2, 3 at 4. Nakapaloob naman sa konklusyon ang mga pangunahing temang nabuo batay sa mga tugon ng mga impormante sa pananaliksik.

Ang unang hakbang na aking isinagawa ay ang pagsasaayos ng mga datos. Ang mga datos na aking nakalap ay aking hinimay, pinangkat at kinategorya batay sa katanungan ng pananaliksik na kinabibilangan ng mga ito upang masuri ang bawat tugon na pagmumulan ng mga tema. Ang mga temang lumitaw ay ginamit upang palutangin ang kabuoang deskripsyon ng penomenang pinag-aaralan. Ang mga naging kinalabasan ay inilahad gamit ang talahanayan. Ang mga temang lumitaw ay maayos na itinalakay at inilahad ang mga tugon ng mga impormante na mahigpit na nagpapatibay sa bawat tema.

Ang ikalawang hakbang naman ay ang paglalahad ng mga naisaayos na mga datos sa Talahanayan 2, 3 at 4. Ang paglalahad ng mga datos sa talahanayan ay isinunod sa paggamit ng tatlong klasipikasyon. Ang unang klasipikasyon ay ang general o kabuoan na nangangahulugang hindi bababa sa 50 bahagdan ng mga kalahok ang bumanggit ng ganoong tugon nang mangyari sa panayam; ikalawang klasipikasyon ang tipikal na nangangahulugang 25 hanggang 45 bahagdan ang nagsabing ganoong tugon; pangatlong klasipikasyon naman ang variant na nangangahulugang hindi umabot ng 25 bahagdan ang tumugon ng ganoon (Amparo, 2011). Kasama naman sa huling hakbang ang pagbuo ng konklusyon at klasipikasyon sa bahaging ito. Nabubuo at namamalas ang mga pangunahing ideya ukol sa mga naging kalabasan (Huberman, 1994).

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: 1. Ano ang karanasan ng mga di Filipinong mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino?**

Upang masagot ang unang katanungan sap ag-aaral, isinagawa ang in-depth/interview sa mga kalahok. Upang hindi malimitahan ang mga kasagutan at maihayag ng malinaw ang mga buhay na karanasan ng mga di-Filipino na guro na nagtuturo ng Panitikang Filipino may inihandang katanungan kaugnay sa pangunahing tanong ng pag-aaral. Matapos suriin at unawaing mabuti ang mga pahayag ng mga kalahok sapag-aaral, (3) apat ang pangunahing tema ang lumitaw: (1) Kahirapan sa pagpapaliwanag ng Wikang Filipino (2) Kahirapan sa Pag-intindi ng mga Malalaim na termino at (3) Pagharap sa Hamon dahil sa Kawalan ng Espesyalisasyon at Kakulangan ng Kahandaan**.**

**Talahayan 2**

**Mga Karanasan Ng Mga Di Filipino Na Mga Guro Sa Pagtuturo Ng Panitikang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pansuportang Pahayag |
|---|---|
| **Kahirapan sa pagpapaliwanag ng Wikang Filipino** | ’’ …Karanasan ko sa pagtuturo ng Panitikang Filipino ay nahihirapan ako sa pagpapaliwanag sa paggamit sa Wikang Filipino…’’**-IDI 04**<br>’’…Yung paraan ko ng pagsasalita, nahihirapan akong mag-Filipino nang deretsahan kasi masasali ko talaga ang Ingles… hindi mo naman yan dalubhasa kaya mahihirapan ka talaga…’’**- IDI 10**.<br>‘’…Pinakamahirap na aspeto para saakin sa pagiging pamilyar sa mga salitang Filipino ay dahil madalas akong nagtuturo gamit ang Ingles… kailangan ko pang isalin sa Ingles bago maintindihan…’’**- IDI 07**<br>’’…Ngunit hindi man ako guro ng Filipino… nahihirapan akong magpaliwanag na puro Tagalog… minsan ay nasasama ang Bisaya at Ingles…’’ **-IDI 05**<br>’’… Pinakamalaking hamon ko sa mga talakayan ay ang kakulangan sa malalim na kaalaman o pagpapaliwanag sa Wikang filipino at Panitikan...’’**- IDI 08**<br>’’…Nahihirapan akong ipahayag sa Filipino minsan nagiging Ingles ang aking pagsasalita kasi hindi kami sanay na magtagalog...’’ **-IDI 10** |
| **Kahirapan sa Pag-intindi ng mga Malalim na Terminolohiya** | *”...Mahirap basahin ito dahil sa mga terminong ginamit, lalo na para sa isang hindi major sa Filipino kailangan talaga magbasa,tapos maghanap ng paliwanag na konkreto na ayon sa mga detalye ng Panitikan...’’**- IDI 04***<br>*”...Mayroong mga terminong mahirap…”**- IDI 05***<br>*”… Ang pinakamahirap na aspeto ay kung paano maintindihan ang mga araliin ang mga malalim na termininolohiya na kinakailangang magkaroon ng malawak na kaalaman upang magturo ka ng maayos sa mga bata....”**- IDI 08*** |
| **Pagharap sa Hamon Dahil sa Kawalan ng Espesyalisasyon at Kakulangan sa Kahirapan** | *’’...Nahihirapan ako kasi hindi ko kasi medyor at bago sa akin ang lahat kaya kailangan ko pang mag-aral sa mga ituturo ko sa kanila…’’’**-IDI 02***<br>*”Dapat ikaw mismo ang may kaalaman o ikaw ang eksperto sa paksa na iyan dahil hindi ka naman isang Filipino medyor... kailangan mo pa talagang pag-aralan bago mo ito ibigay o maituro sa mga bata ang ganyang asignatura….”**- IDI 01***<br>*”Dapat pag-aralan muna bago ka pumasok sa silid-aralan dahil nga hind inga ito medyor, hind imo ito masyado alam....”**- IDI 02***<br>*’’Mahirap bilang isang hindi Filipino medyor dahil napakahirap mag-isip pero wala kang magagawa dahil sa Deped kung anong maibibigay kaya’t bigysn ng pagpapahalaga at aralin…’’**- IDI 03***<br>*’’...Siguro ang karanasan ko lalong lalo na hindi ako Filipino medyor ay mahirap dahil kailangan ko pang pag -aralan at saliksikin o unawain upang sa ganoon mapaintindi ko ng maayos sa aking mag-aaral...’’**-IDI 08*** |

**Kahirapan sa pagpapaliwanag ng Wikang Filipino**

Lumabas sa isinagawang panayam na marami sa mga partisipante ang nakaranas ng matinding kahirapan sa pagpapaliwanag gamit ang Wikang Filipino sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Marami sa kanila ang nagbahagi ng magkatulad na karanasan.

Para sa sagot ni Mayuika, para sa kaniya isa sa kaniyang karanasan una isa sa mga karanasan ko sa pagtuturo ng Panitikang Filipino ay kahirapan sa pagpapaliwanag sa paggamit sa Wikang Filipino.

> ‘’…*Experience* una isa sa mga karanasan ko sa pagtuturo ng Panitikang Filipino *difficulties* sa pagkuan sa pagexplain sa paggamit sa Wikang Filipino...’’ (IDI 04)
> (Karanasan ko sa pagtuturo ng Panitikang Filipino ay nahihirapan ako sa pagpapaliwanag sa paggamit sa Wikang Filipino)

Dagdag parito, sinabi ni Green (palayaw), ang kanyang karanasan, kung saan inamin niyang nahihirapan siyang magsalita nang diretsa sa Filipino at madalas niyang naisasama ang Ingles sa kanyang paliwanag.

> ‘’…The way ko magstorya no kanang maglisod kog straight Filipino masagulan jud nakog English kay syempre dinimo *specialization* maong maglisod jud ka...’’ (IDI 10)

> (Yung paraan ko ng pagsasalita nahihirapan akong mag Filipino nang deretsahan kasi masasali ko Talaga ang Ingles hind imo naman yan dalubhasa kaya mahihirapan ka Talaga.)

Iginiit din ni Furina na (palayaw), ang pinakamahirap na aspeto para sa kanya ay ang pagiging pamilyar sa mga salitang Filipino, lalo na’t madalas siyang nagtuturo gamit ang Ingles. Dahil bago pa lamang siya sa ganitong gawain, kinakailangan niya pang isalin ang mga salita sa Ingles upang lubos na maunawaan ang kanyang nais ipaliwanag:

‘’…Pinakamahirap na aspeto kanang magfamiliarize sa mga words sa mga Filipino kay kasagaran akong ginagamit sa pagteach kay English man no kay bag o saako so maglisod pako Maghanap og kuan kanang kailangan panako etranslate into English kung dili ko magkuan...’’ (IDI 07)

> (Pinakamahirap na aspeto para saakin sa pagiging pamilyar sa mga salitang Filipino ay dahil madalas Akong nagtuturo gamit ang Ingles kailangan ko pang isalin sa Ingles.)

Sa karagdagang sagot, nagpahayag din ng pananaw si Jean(palayaw) na bagama’t hindi siya guro ng Filipino, nagkakaroon siya ng hamon sa pagpapaliwanag nang puro Tagalog. Minsan ay may halong Bisaya o Ingles ang kanyang pananalita, lalo na’t mas sanay siyang gumamit ng Ingles

> “…Kay dili man ko Filipino teacher, lisod para nako nga mag-explain nga Tagalog ra. Usahay, masagulan gyud og Bisaya ug usahay makalihis pud ko sa English...” (IDI 05)
> (Ngunit hindi man ako guro ng Filipino nahihirapan akong magpaliwanag na puro Tagalog minsan ay nasasama ang Bisaya at Ingles.)

Ang pahayag na ito ay sinuportahan naman ito ni Yellow (palayaw) na ayon sa kaniya na ang pinakamalaking hamon niya daw sa pagtuturo ang kakulangan sa malalim na kaalaman sa Wikang Filipino at Panitikan lalong lalo na pagdating sa talakayan.

‘’Bilang di- Filipino major na guro,ang pinakamalaking hamon ko samga talakayan ay ang kakulangan sa malalim na kaalaman sa wikang Filipino at Panitikan...’’ (IDI 08)

(Pinakamalaking hamon ko sa mga talakayan ay ang kakulangan sa malalim na kaalaman o pagpapaliwanag sa Wikaang Filipino at Panitikan.)

**Kahirapan sa Pag-intindi ng mga Malalim na Terminolohiya**

Isa sa mga hamon na kinakaharap ng mga guro na hindi major sa Filipino ay ang kahirapan sa pag-unawa ng malalalim na terminong ginagamit sa Panitikang Filipino. Dahil dito, kinakailangan nilang maglaan ng mas maraming oras upang pag-aralan at hanapin ang kahulugan ng mga ito bago maituro nang maayos sa kanilang mga mag-aaral. Ito ay napatunayan sa pahayag ni Mayuika (palayaw) sa isinagawang panayam.

> ‘’…Lisod basahon tungod sa mga terms pud naginagamit syempre as *non-Filipino major* so basabasa sige rag basa *then* mangitag explanation concrete and mas precise and para mas madeliver siyag according details sa lterature...’’ (DI 04)

> (Mahirap basahin ito dahil sa mga terminong ginamit lalo na para sa isang hindi major sa Filipino kailangan talaga magbasa tapos maghanap ng paliwanag na konkreto na ayon sa mga detalye ng panitikan)

Sinang-ayunan ito ni Jean sa isinagawang panayam, kung saan binigyang-diin niya na isa sa mga pangunahing hamon sa pagtuturo ng Panitikang Filipino ay ang paggamit ng mahihirap at malalalim na terminolohiya.

> *”…Naay mga term nga lisod...”-(IDI 05)*

(Mayroong mga terminong mahirap)

Ibinahagi rin ni Yellow ang kanyang pananaw ukol sa kahalagahan ng malawak na kaalaman sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Ayon sa kanya, ang pinakamahirap na aspeto ay ang pag-unawa sa mga lalim ng wika, kung saan kailangan ng masusing pag-aaral at sapat na kaalaman upang maipaliwanag ito nang maayos sa mga mag-aaral.

> ‘’… Ang pinakamahirap na aspeto kay kuan pagsabot nimos mga lalom na terminilogies dapat daghan jud kag kaalam para makatudlo jud kag tarong sa mga bata....”- (IDI 08)
> (Ang pinakamahirap naaspeto ay kung paano maintindihan ang mga malalim na terminolohiya na kinakailangang magkaroon ng malawak na kaalaman upang magturo ka ng maayos sa ga bata)

**Pagharap sa Hamon Dahil sa Kawalan ng Espesyalisasyon at Kakulangan ng Kahirapan**

Isa sa mga lumitaw na pangunahing hamon para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino, ngunit hindi ito ang kanilang espesyalisasyon, ay ang kawalan ng sapat na kahandaan at kasanayan sa asignatura. Marami sa mga partisipante ang nagbahagi ng kanilang mga karanasan at pananaw tungkol sa hamong ito. Ayon kay Amber (palayaw), nahirapan siya sa pagtuturo ng Filipino dahil hindi ito ang kanyang pangunahing larangan. Dahil bago sa kanya ang lahat ng konsepto at kaalaman sa asignatura, kinakailangan niyang maglaan ng mas maraming oras upang mag-aral bago niya maituro ito sa kanyang mga estudyante.

> ‘’…Nahihirapan ako kasi hindi ko kasi medjor iyon at tsaka bago sa akin no ang lahat kaya kailangan ko pang mag-aral sa mga ituturo ko sakanila...’’- **(**IDI 02)
>
> (Nahihirapan ako kasi hindi ko kasi medyor at saka bago sa akin ang lahat kaya kailangan ko pang mag-aral sa mga ituturo ko sa kanila)

Samantala, binigyang-diin naman ni Klee (palayaw) ang kahalagahan ng pagiging eksperto sa isang paksa bago ito ituro. Para sa kanya, kahit hindi Filipino ang kanyang major, kinakailangan niyang pag-aralan nang mabuti ang asignatura upang maibigay ito sa mga estudyante nang maayos at epektibo.

> ‘’…Dapat ikaw firsthand ang kanang nay kabalo o kanang nay ikaw master ana na subject since dili ka Filipino major apil ka studyhan paniya siya before nimo ma hatag o mateach sa mga bata ang kana na subject sa Filipino…’’-(IDI 01)
>
> (Dapat ikaw mismo ang may kaalaman o ikaw ang eksperto sa paksa na iyan dahil hindi ka naman isang Filipino medyor kailangan mo pa talagang pag-aralan bago mo ito ibigay o maituro sa mga bata ang ganyang asignatura sa Filipino)

Ganito rin ang pananaw ni Amber, na nagbigay-diin sa pangangailangang pag-aralan ang aralin bago pumasok sa silid-aralan. Aniya, mahalaga ang paghahanda upang mas maayos niyang maibahagi ang kaalaman sa mga estudyante.

> ‘’…Dapat pag-aralan bago ka pumasok sa silid aralan dapat ready ka at dapat mag aral ka saiyong itinuturo dahil hindi mo medjor yon dimo masyado alam ...”-(IDI 02)
>
> (Dapat pag-aralan muna bago ka pumasok sa silid-aralan dahil nga hindi mo ito medyor hindi mo ito masyado alam)

Ayon naman kay Ganyu (palayaw), bagaman hindi madali para sa kanya ang pagtuturo ng Filipino dahil hindi ito ang kanyang espesyalisasyon, wala siyang ibang magagawa kundi tanggapin ang hamon. Dagdag pa niya, dapat na lamang niya itong bigyang-pansin at pahalagahan upang magampanan ang kanyang tungkulin bilang guro.‘’…Nagpapahirap bilang isang di Filipino medjor lisod kaayo pamalundungon pero waymabuhat kay Deped kung anong maibibigay so bigyan mo ng pagpapahalaga at aralin...”(IDI 03)

> (Mahirap bilang isang hindi Filipino medyor dahil napakahirap mag-isip pero wala kang magagawa dahil sa Deped kung anong maibibigay kaya’t bigay ng pagpapahalaga at aralin)

Samantala, ibinahagi rin ni Yellow (palayaw) ang kanyang karanasan bilang isang guro na hindi Filipino major. Aniya, upang maipaliwanag nang maayos ang mga aralin sa kanyang mga estudyante, kinakailangan niyang magsaliksik at pag-aralan ang mga konsepto upang magkaroon siya ng mas malalim na pang-unawa sa asignatura.

> ''…Siguro ang karanasan ko lalong lalo na hindi ako Filipino major ay mahirap dahil kailangan ko pang pag -aralan at saliksikin o unawain upang saganon mapasabot nako og tarong sakong estudyante….''(IDI) 08
>
> (Siguro ang karanasan ko lalong lalo na hindio ako Filipino medyor ay mahirapo dahil kailangan ko pang pag-aralan at saliksikin o unawain upang sa ganoon mapaintindi ko ng maayos sa aking mag-aaral.)

**Pangalawang Katanungan sa Pananaliksik: Paano natugunan ng mga di filipino na mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng Panitikang Filipino?**

Ang mga karanasan ng mga kalahok ang naging dahilan upang sila ay makapagpahayag ng mga paraan upang maibahagi ang kanilang pananaw at saloobin sa pagbabalik ng in-person na klase. Matapos suriing mabuti ang mga datos, (4) apat na pangunahing tema ang lumitaw:(1) Pakikipag-ugnayan sa mga kapwa guro; (2) Nagiging Motibasyon Ang Mag-Aaral; (3) Paggamit ng Ibat ibat Sangguniang para sa Epektibong Pagtutur;( 4) Paglinang Sa Propesyonalismo at Kahusayan Sa Pagtuturo.

**Pakikipag-ugnayan sa mga Kapwa guro**

Ang pakikipag-ugnayan sa kapwa guro ay isang mahalagang suporta sa propesyon, lalo na kung hindi mo ito medyor. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang guro, maaari kang makakuha ng mga estratehiya na makakatulong upang mapabuti ang iyong pagtuturo. Ayon kay Klee (palayaw), mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa kapwa guro, lalo na sa mga Filipino major, upang makakuha ng mga epektibong estratehiya na makakatulong sa pagpapahusay ng kanyang pagtuturo sa mga mag-aaral.

> ''Mangayo ko'g tabang sa akong mga kauban nga Filipino teacher aron hatagan ko nila og mga tips ug mga estratehiya para mapalambo pa nako ang akong pagtudlo sa mga bata sa Filipino...'' (IDI 01)
>
> (Humihingi ako ng tulong sa kapwa ko guro sa Filipino para mabigyan ako ng payo at estratehiya para mapahusay ang pagtuturo ko sa Panitikang)

Samantala, binigyang-diin din ni Mayuika (palayaw) na bukod sa paghihingi ng tulong mula sa mga Filipino major na guro, mahalaga rin ang patuloy na pagsasaliksik mula sa iba't ibang sanggunian tulad ng mga libro, social media, at iba pang mapagkakatiwalaang online resources.

> *''…Mangayo ko og tabang sa mga kauban nako nga Filipino major nga magtutudlo, unya magbasa ug mag-research pa gyud ko aron mapalalom ang akong kahibalo...'' (IDI 05)*
>
> (Hihingi ako ng tulong sa mga Filipino medyor na kasama kong guro at pagkatapos ay magbabasa at magsasaliksik pa para mapalalim ang kaalaman ko)

Ganito rin ang pananaw ni Yellow (palayaw), na binigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga kaibigang eksperto sa Filipino na maaaring lapitan sa oras ng pangangailangan.

> ''…Daghan man kog mga amigo ug amiga nga Filipino major, ug andam kaayo sila mutabang. Kung naa koy pangutana, mangutana ra jud ko nila kay mas eksperto man sila ana nga area...'' (IDI 08)
>
> (Marami akong kaibigang Filipino medyor na laging handing tumulong…Kapag may tanong ako, nagtatanong ako sa kanila dahil sila ang mas eksperto sa larangang ito)

Dagdag naman ni Klee (palayaw), bukod sa mga kapwa guro, maaari ring lumapit sa mga mas nakatatandang guro o mga senior teacher na may mas malawak na karanasan sa pagtuturo. Aniya, ang mga beteranong guro ay maaaring magbahagi ng mahahalagang estratehiya na magagamit upang mapabuti ang pagtuturo ng Filipino.

> ''…Pwede ka mangayo og tabang sa imong mga kauban nga magtutudlo, labi na kadtong adunay taas nga kasinatian sa pagtudlo, aron makakuha ka og mga estratehiya ug giya...'' (IDI 01)
>
> (Maaari kang humingi ng tulong sa mga kapwa guro, lalo na sa mga may mahabang karanasan sa pagtuturo para makakuha ng estratehiya at gabay)

Ayon naman kay Ei (palayaw), mahalaga ang aktibong pakikipag-ugnayan at pakikipagkonsultasyon sa mga kapwa guro, lalo na sa mga Filipino major, upang matutunan ang tamang pamamaraan ng pagtuturo ng mga paksa sa Panitikang Filipino. Sa pamamagitan ng kanilang kaalaman at karanasan, mas nagkakaroon siya ng tiwala sa sariling pagtuturo.

‘’…Gapungtana sa ibang collegues teachers sa mga filipino teacher’s sir unsaon ni pagtudlo sa paksa…’’ (IDI 06)

(Nagtatanong ako sa ibang guro na Filipino medyor kung paano ituro ang isang paksa)

Samantala, ibinahagi ni Dodong (palayaw) ang kanyang karanasan sa paghahanap ng suporta mula sa kanyang mga kasamahan. Binanggit niya ang kahalagahan ng pagtatanong hindi lamang tungkol sa pagtuturo ng isang paksa kundi pati na rin sa pagkuha ng tamang materyales, lalo na sa asignaturang Panitikan.

*‘’...Mangayo jud kog assistance sa mga collgeues mangutana ko unsaon ni sya pagtudlo sa topics unsay pwede nimo masuggest na materials.’’ (IDI04)*
*(Hihingi Talaga ako ng tulong sa aking kasamahan. Magtatanong ako kung anong materyales ang maaaring gamitin sa paksang ito.)*

**Nagiging Motibasyon Ang Mag-aaral**

Isa sa mga kahalagahang napagtanto ng mga di-Filipinong guro na nagtuturo ng panitikang Filipino ay ang kanilang mga mag-aaral mismo ang nagiging motibasyon nila upang paghusayin ang kanilang pagtuturo. Ayon kay Amber, nakakakuha siya ng motibasyon mula sa kanyang mga mag-aaral, lalo na kapag nakakakuha ang mga ito ng mataas na marka. Para sa kanya, ito ay patunay na kahit hindi niya medyor ang asignaturang Filipino, nagagawa pa rin niyang magturo nang maayos.

*‘’...*Ang akong pangunahing motibasyon mao ang akong mga estudyante. Kung makakuha sila og taas nga marka, akong nabati nga epektibo ko sa akong pagtudlo...*’’ (IDI 02)*
(Ang pangunahing motibasyon ko ay ang aking mga mag-aaral.Kapag nakakakuha sila ng mataas na marka pakiramdam ko ay nagging epektibo ako sa pagtuturo)

Dagdag naman ni Ganyu, ang kanyang pangunahing motibasyon ay ang mga kabataan. Masaya siya kapag may natutunan ang kanyang mga estudyante, kaya patuloy siyang nagsisikap upang malampasan ang lahat ng hamon sa pagtuturo.

‘’…Ang tinuod nakong motibasyon mao ang mga kabataan. Malipay ko kung makakat-on sila, mao nga kinahanglan ko nga magsige og paningkamot aron malampasan ang mga hagit sa pagtudlo…’’ (IDI 03)
(Ang motibasyon ko Talaga ay ang mga Kabataan, masaya ako kapag may natutuhan sila kaya kailangan kong magsikap upang matagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo.)

Sang-ayon naman dito si Jean (palayaw), na nagsabing ang kanyang motibasyon ay ang kanyang mga mag-aaral.

*‘’***…**Ang mga estudyante mao ang akong motibasyon. Busa samtang nagtudlo ko, ginasiguro nako nga klaro ang akong pagpasabot sa leksyon aron mas masabtan nila kini…" *(IDI 05)*
*(Ang mga mag-aaral ang tinitignan kong motibasyon. Kaya habang nagtuturo ako sinisigurado kong malinaw ang pagpapaliwanag ng paksa upang mas maintindihan nila)*

**Paggamit ng Ibat ibat Sangguniang para sa Epektibong Pagtuturo**

Batay sa isinagawang panayam, lumabas na ang paggamit ng iba't ibang sanggunian ay may malaking epekto sa epektibong pagtuturo. Ipinapakita ng mga pananaw ng mga guro na hindi sapat ang iisang mapagkukunan lamang, kaya’t kinakailangang gumamit ng iba’t ibang estratehiya mula sa iba’t ibang sanggunian upang mapadali at mapabuti ang kanilang pagtuturo.

Ayon kay Jean (palayaw), para sa kaniya mahalaga ang patuloy na pagbabasa at pananaliksik upang mapalawak ang kaalaman ng guro. Hindi lamang dapat umasa sa mga aklat kundi kailangan ding isaalang-alang ang iba pang mapagkukunan tulad ng *YouTube, social media*, at mga *website* na matatagpuan sa *Google*.

‘’… Padayon lang jud sa pag basa then youtube magtan aw jud ko dili pud magsalig saatong *resources* like books naapoy dapat social media or kanang mga website og google...’’ (IDI 05)

(Kailangan kong magpatuloy sa pagbabasa, hindi lang sa mga aklat ako umaasa kundi gumagamit din ako ng y*outube, social media,* at mga *website* para mas mapalawak pa ang kaalaman ko sa)

Samantala, binigyang-diin ni Ei (palayaw) para sa kaniya ang kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya upang matiyak ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na kung ang asignaturang itinuturo ay hindi niya medyor kaya malaki ang naitutulong ng internet sa paghahanap ng mga pamamaraan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

‘’…Kuan naggamit ko og mga estratehiya nga nakuha nako sa *internet* aron matubag ang panginahanglan sa mga estudyante bisan dili ko Filipino major...’’ (IDI 06)
(Gumagamit ako ng mgaestratehiyang nakuha ko sa internet upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral kahit hindi ko medyor ang Filipino.)

Sa parehong pananaw, binigyang-diin ni Amber (palayaw) ang kahalagahan ng masusing pag-aaral sa paksa bago ito ituro. Ayon sa kanya, mahalagang magsaliksik at gumamit ng internet upang makahanap ng mga estratehiyang makakatulong sa pagpapadali ng pagtuturo.

‘’…Unang una ay pag aralan mo nang mabuti iyong mga topic na ituturo ikalawa magresearch ka alam naman natin na ano tayo sa internet madali lang namn magkuha ng estratehiya para mapadali mo ang iyong pagtuturo paggabay mo sa pagtuturo…’’**(**IDI 02)
(Unang- una pag-aralan ko muna ang paksa. Ikalawa magsaliksik ako gamit ang internet upang makahanap ng mga estratehiya na makatutulong sa aking pagtuturo.)

Ganito rin ang pananaw ni Mayuika (palayaw), na nagsabing madalas siyang nanonood ng YouTube upang makakuha ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo. Ayon sa kanya, sinisiyasat niya muna kung epektibo ang isang estratehiya sa kanyang mga mag-aaral at, kung hindi ito akma, naghahanap siya ng iba pang pamamaraan.

‘’… Gatan aw kosa youtube garefer jud kos youtube kung unsaon ni pagtudlo mga in ana inana someway makakuha kosa strategy na maadapt nako siya etry nako siya kung dili siya pwede vsa mga bata nako then refer to anoher strategies...’’ (IDI 04)
(Sumasangguni ako sa youtube upang makakuha ng mga estratehiya, Kung hindi ito angkop sa mga mag-aaral naghahanap ako ng iba pang paraan.)

**Paglinang Sa Propesyonalismo At Kahusayan Sa Pagtuturo**

Ang patuloy na paglinang sa propesyonalismo at kahusayan sa pagtuturo ay mahalaga, lalo na para sa mga guro na hindi Filipino major. Hindi sapat ang sariling pagsisikap lamang dahil mahalaga rin ang suporta ng mga pinuno sa edukasyon at ang pagkakaroon ng sapat na pagsasanay. Kabilang dito ang pagdalo sa mga seminar, workshop na nagbibigay ng bagong kaalaman at epektibong estratehiya sa pagtuturo.

Para kay Mayuika, mahalagang dumalo sa mga pagsasanay upang mapahusay ang kakayahan sa pagtuturo ng Filipino, lalo na bilang hindi Filipino medyor.

‘’…Akoa syempre gaattend kog trainings o seminar naa man jud mga trainings sa division para sa mga non-Filipino majors nga nagtudlo og Filipino...’’ (IDI 04)
(Dumadalo ako sa mga pagsasanay at seminar na inihahanda ng dibisyon para sa mga gurong hindi Filipino medyor upang mapajhusay ang aking kakayahan sa pagtuturo ng Filipino)

Ayon naman kay White (palayaw), para sakanya bagama't hindi siya Filipino major, aktibo pa rin siyang lumalahok sa mga seminar upang mapabuti ang kanyang kaalaman at maisalin ito sa kanyang mga mag-aaral.

‘’… kahit hindi ako Filipino na teacher sumasama ako sa mga seminar upang sa ganoon mapahusay ko pa at marami akong matutunan sa mga seminar na nadaluhan ko upang maibahagi ko naman saaking estudyante...’’ (IDI 09)

(Kahit hindi ako Filipino medyor, sumasama ako sa mga seminar uppang mas marami akong matutunan at maibahagi sa aking mga estudyante.)

Samantala, binigyang-diin ni Klee (palayaw), Ayon sa kanyang sagot na isa sa kanyang estratehiya sa epektibong pagtuturo ay ang aktibong pakikilahok sa mga seminar at workshop na may kaugnayan sa paghahatid ng kurikulum sa Filipino.

‘’…Isa sa mga strategy na akong ginabuhat is kaning magattend og mga seminar and workshop all about sa kung unsaon pagdeliver sa kurikulum sa filipino unsay mga strategy nga mga disccussion nga akong pwedeng buhaton para mas makuha nako ang atensyon sa mga bata...’’ (IDI 01)

(Isa sa mga estratehiya ko ay ang pagdalo sa mga workshop na nagtuturo kung paano ihatid ang kurikulum sa Filipino at kung anong estratehiya ang epektibo sa pagkuha ng atensyon ng mga bata.)

Dagdag naman ni Amber (palayaw) para sakaniya bilang bahagi ng DepEd sinasamantala nila ang mga iniaalok na seminar sa Filipino upang mas mapaunlad pa ang kanilang kakayahan sa pagtuturo.

‘’… Kung naay seminar bahin sa Filipino, muapil gyud mi. Importante kini aron mas mahasa pa mi sa pagtudlo, labi na kay dili man kini among espesyalisasyon...’’ (IDI 02)

(Kapag may seminar tungkol sa Filipino sumasali Talaga kami. Mahalaga ito upang mas maging bihasa kami sa pagtuturo lalo na kung hindi ito ang aming espesyalisasyon.)

**Talahayan 3**
**Pagtugon Ng Mga Di Filipino Na Mga Guro Sa Pagtuturo Ng Panitikang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pansuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pakikipag-ugnayan sa mga kapwa guro** | *’’...Humihingi ako ng tulong sa kapwa ko guro sa Filipino para mabigyan ako ng payo at estratehiya para mapahusay ang pagtuturo ko sa Panitikang Filipino....’’***- IDI 01**<br>*’’...Hihingi ako ng tulong sa mga Filipino medyorr na kasama kong guro at pagkatapos ay magbabasa at magsasaliksik pa para mapalalim ang kaalaman ko...’’***-IDI 05**<br>*’’...Marami akong kaibigang Filipino medyor na laging handing tumulong…Kapag may tanong ako, nagtatanong ako sa kanila dahil sila ang mas eksperto sa larangang ito….’’***- IDI 08**<br>*’’...Maaari kang humingi ng tulong sa mga kapwa guro, lalo na sa mga may mahabang karanasan sa pagtuturo para makakuha ng estratehiya at gabay...’’***- IDI 01**<br>*’’...Nagtatanong ako sa ibang guro na Filipino medyor kung paano ituro ang isang paksa...’’***-IDI 06**<br>*’’...Hihingi Talaga ako ng tulong sa aking kasamahan. Magtatanong ako kung anong materyales ang maaaring gamitin sa paksang ito...’’***-IDI 04** |
| **Nagiging Motibasyon Ang Mag-Aaral** | *’’ ...Ang pangunahing motibasyon ko ay ang aking mga mag-aaral. Kapag nakakakuha sila ng mataas na marka pakiramdam ko ay nagging epektibo ako sa pagtuturo…’’*<br>*’’ …Ang motibasyon ko Talaga ay ang mga Kabataan, masaya ako kapag may natutuhan sila kaya kailangan kong magsikap upang matagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo...’’***- IDI 03**<br>*’’ ... Ang mga mag-aaral ang tinitignan kong motibasyon. Kaya habang nagtuturo ako sinisigurado kong malinaw ang pagpapaliwanag ng paksa upang mas maintindihan nila…’’***- IDI 05** |
| **Paggamit ng Ibat ibat Sangguniang para sa Epektibong Pagtuturo** | *"...Kailangan kong magpatuloy sa pagbabasa, hindi lang sa mga aklat ako umaasa kundi gumagamit din ako ng youtube, social media, at mga website para mas mapalawak pa ang kaalaman ko sa pagtuturo….”* **-IDI 05**<br>*"... Gumagamit ako ng mgaestratehiyang nakuha ko sa internet upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral kahit hindi ko medyor ang Filipino."***- IDI 06**<br>*’’... Unang- una pag-aralan ko muna ang paksa. Ikalawa magsaliksik ako gamit ang internet upang makahanap ng mga estratehiya na makatutulong sa aking pagtuturo…’’* **-IDI 02**<br>*’’... Sumasangguni ako sa YouTube upang makakuha ng mga estratehiya. Kung hindi ito angkop sa mga mag-aaral, naghahanap ako ng iba pang paraan...”*<br>*’’... Sumasangguni ako sa youtube upang makakuha ng mga estratehiya, Kung hindi ito angkop sa mga mag-aaral naghahanap ako ng iba pang paraan…’’***-IDI 04** |
| **Paglinang Sa Propesyonalismo At Kahusayan Sa Pagtuturo** | *’’... Dumadalo ako sa mga pagsasanay at seminar na inihahanda ng dibisyon para sa mga gurong hindi Filipino medyor upang mapajhusay ang aking kakayahan sa pagtuturo ng Filipino….’’***- IDI 04**<br><br>*’’... Kahit hindi ako Filipino medyor, sumasama ako sa mga seminar uppang mas marami akong matutunan at maibahagi sa aking mga estudyante...’’***-IDI 09**<br><br>*’’... Isa sa mga estratehiya ko ay ang pagdalo sa mga workshop na nagtuturo kung paano ihatid ang kurikulum sa Filipino at kung anong estratehiya ang epektibo sa pagkuha ng atensyon ng mga bata...’’***-IDI 01**<br><br>*’’... Kapag may seminar tungkol sa Filipino sumasali Talaga kami. Mahalaga ito upang mas maging bihasa kami sa pagtuturo lalo na kung hindi ito ang aming espesyalisasyo...’’* **IDI 02** |

**Pangatlong Katanungan sa Pananaliksik: 3. Ano ang mga pananaw o natutuhan mo bilang di filipino na mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino na maibabahagi sa mga kasamahan o sa kabuoan ng paaralan?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang pinalalim na pnayam sa kabuoang sampo na kalahok, ayon sa kanilang pagkakasunod sunod. apat (5) pangunahing tema ang lumitaw. (1) Pagiging Flexible at Madiskarte sa Pagtuturo; (2) Kagalakan Sa Pagtuturo at Pagmamahal Sa Propesyon Ay Kailangan;(3) Pagbuo ng Matibay na Suporta sa mga Guro para sa Pagpapabuti ng Asignaturang Filipino;(4) Pagbuo ng Matibay na Suporta sa mga Guro para sa Pagpapabuti ng Asignaturang Filipino;(5) Patuloy na Matuto at Pagtanggap sa mga Hamon.

**Pagiging Flexible at Madiskarte sa Pagtuturo**

Ang pagiging flexible at madiskarte sa pagtuturo ay tumutukoy sa kakayahan ng isang guro na umangkop sa iba't ibang sitwasyon sa loob ng silid-aralan. Kailangan ng mga guro na maging bukas sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura, kahit hindi nila ito pangunahing larangan, at magamit ang mga malikhaing pamamaraan upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ayon kay Mayuika, mahalaga ang pagiging flexible dahil bilang guro, kinakailangang magturo ng

iba't ibang asignatura, kahit hindi ito ang kanilang major. Aniya, hindi madali ang pagtuturo, lalo na kung hindi ito ang espesyalisasyon ng isang guro.

> ''…Kailangan ka magtudlo kay teacher ka dapat *flexible* ka kailangan ka motudlo sa ingon ani subjects biskan dili nimo siya majors mao na siya dapat kuan jud dijud siya lalim motudlo lisod siya…'' (IDI 04)
>
> (Bilang guro, kailangan mong maging flexible. Kahit hind imo ito medyor ang Filipino, kailangan kayanin mong ituro ito. Parte ito ng pagiging propesyonal sa larangan ng pagtuturo.)

Samantala, binigyang-diin ni Klee (palayaw) para sa kaniya ang pagiging madiskarte ay nangangahulugan ng patuloy na pagsasaliksik ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo upang maibigay ang kalidad ng pagtuturp sa mga Filipino na asignatura sa mag-aaral.

> *''...Ang diskarte lang akong mahatag na di filipino na teacher na nagtuturo ng filipino na subject is kuan lang jud search and search sa mga strategies nga needed nimo na teacher ka para mas mahatag nimo ang kalidad na pagtudlo sa mga filipino na subject sa bata...''DI 01)*
>
> *(Ang diskarte ko ay magsaliksik ng mga estratehiya para makapagturo ako ng mas epektibo sa mga bata. Kahit hindi ako Filipino medyor, gumagawa ako ng paraan para maibigay ko parin ang kalidad ng pagtuturo.)*

Dagdag pa rito, ibinahagi ni Ei (palayaw), na patuloy siyang gumagawa ng mga bagong estratehiya upang mapabuti ang kanyang pagtuturo. Minsan, humihingi rin siya ng payo sa ibang guro upang makakuha ng mas epektibong pamamaraan.

> *''…Maghimo ko og akong kaugalingong estratehiya, ug usahay mangayo pud ko og mga tips sa akong mga amigo nga Filipino major. Importante kaayo ang mga diskarte nga gikan sa kasinatian….'' (IDI 06)*
>
> *(Gumagawa ako ng sarili kong estratehiya, at minsan humihingi rin ako ng suhestiyon sa mga kaibigan kong medyor sa Filipino***.** Importante ang diskarteng galing sa mga karanasan.)

Para naman kay White, mahalaga ang pagiging flexible at mahusay sa lahat ng larangan dahil ito ang tungkulin ng isang guro maging handa sa pagtuturo ng iba't ibang asignat*ura.*

> ''Maging positibo lamang dahil nga guro flexible ang guro kaya dapat na maging mahusay sa lahat na larangan mga matematika man yan mga syensa man yan yong asignatura dahil nga yun nga ating gampanin magturo.''(IDI 09)
>
> (Maging positibo lamang dahil nga guro flexible ang guro kaya dapat na maging mahusay sa lahat ng larangan mga matematika man yan mga syensa man yan yong asignatura dahil nga yun nga ating gampanin magturo.)

Sa huli, iginiit naman ni Jean na mahalagang tanggapin ng isang guro ang anumang asignaturang maibigay sa kanila. Kahit hindi ito kanilang major, bahagi ito ng kanilang tungkulin bilang isang flexible na guro.

> ''…Pagabot sa field once ang ihatag sa imo dili nimo major dapt imoha lang jud siyang dawat kay part mana saimong work knowing na si teaher kay flexible...''(IDI 05)
>
> (Kailangan maging bukas tayo sa pagtuturo ng ibat ibang asignatura. Guro tayo, kaya dapat handa tayong magturo kahit hindi natin medyor. Dito lumalabas ang pagiging flexible)

**Kagalakan Sa Pagtuturo At Pagmamahal Sa Propesyon Ay Kailangan**

Para sa partisipante na sumagot isa sa mga lumitaw na pananaw ay ang kagalakan sa pagtuturo at pagmamahal sa propesyon ay kailangan. Ayon kay Mayuika (palayaw), kahit na mahirap, masaya pa rin siya sa pagtuturo dahil sa nararamdaman niyang self-fulfillment at kaligayahan habang nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ibinahagi niya na kahit sa simula ay mahirap, ngunit sa pagdaan ng panahon, nagiging pamilyar at masaya siya sa pagtuturo, at nararamdaman ang tagumpay sa bawat hakbang.

> ‘’…Malipayong ko nga magtudlo bisan sa sinugdan lisod siya. Sa paglabay sa panahon, nahimong pamilyar nako ang asignatura ug nabati nako ang kalipay ug katagbawan sa kaugalingon samtang nagtudlo...’’ (IDI 04)
>
> (Masaya akong magturo kahit na sa simula ay mahirap. Sa paglipas ng panahon, nagging pamilyar ako sa asignatura at naramdaman ko ang kasiyahan at *self-fulfillment* habng nagtuturo.)

Para naman kay Amber (palayaw), mahalaga na mahalin ang pagtuturo, lalo na kung ang subject na tinuturo ay hindi ang kanyang medyor.

> *‘’Ang mga diskarte unang una dapat mahalin mo ang pagtuturo kahit hindi mo medjor dapat mahalin ang pagtuturo ng mga ganito.’’ (IDI 02)*
>
> *(Ang diskarte ko ay mahalin ang pagtuturo, kahit hindi ko ito major. Sa pagmamahal sa ginagawa, nagiging mas madali ang lahat.)*

Para kay Furina (palayaw), inirerekomenda niya na magpatuloy lang sa pagtuturo at mahalin ang propesyon habang sabayan ng dasal.

> ‘’…Continue yapon ang learning dijud pwede magstop ka dira elove rajud nimo imong proffesion dala nalang pud og ampo…’’ (IDI 07)
>
> (Mahalaga na patuloy tayong natututo at huwag tayong tumigil. Mahalin natin ang ating propesyon, at samahan ito ng panalangin.)

Samantalang ayon kay Amber (palayaw), mahalaga na mahalin ang pagtuturo ng Filipino, kahit pa mahirap. Inilahad niya na ang Filipino ay isang wika na bahagi ng ating kultura at kailangan itong tanggapin bilang isang hamon.

> ‘’…Sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo ng Filipino, tinatanggap ko ito bilang bahagi ng aking propesyon. Dapat natin itong yakapin at mahalin bilang isang hamon at pagkakataon para sa pag-unlad...’’ (IDI 02)
>
> (Sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo ng Filipino, tinatanggap ko ito bilang bahagi ng propesyon. Dapat natin itong tanggapin at mahalin bilang hamon at oportunidad sa pag-unlad)

Para naman kay Mayuika (palayaw), binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagmamahal sa pagtuturo at patuloy na pagpapabuti ng kasanayan. Ayon sa kanya, kahit hindi mo ito medyor, ang pagmamahal sa pagtuturo at pagpapabuti ng sarili ay susi sa tagumpay.

> *‘’ …Ang mahalaga ay masaya ka sa pagtuturo. Sa huli, ang layunin ay matuto ang mga bata, kaya’t mahalagang manatili tayong positibo...’’ (IDI04)*
>
> *(Ang mahalaga ay maging masaya ka habang nagtuturo. Sa dulo ng araw, ang layunin ay may matutunan ang mga bata, kaya dapat positibo tayo.)*

**Pagbuo ng Matibay na Suporta sa mga Guro para sa Pagpapabuti ng Asignaturang Filipino**

Ang pagbuo ng matibay na suporta sa mga guro ay isang mahalagang hakbang para sa pagpapabuti ng pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang temang ito ay tumutukoy sa pagpapalakas ng ugnayan at pagtutulungan sa pagitan ng mga guro

upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at mapalawak ang kanilang kaalaman sa mga estratehiyang ginagamit sa klase.

Ayon kay Klee (palayaw) para sa kaniya ang maibabahagi niya ay pagiging magtulungan sa pagtuturo pagdating sa mga talakayan kung ano ang mga estratehiyang ginamit.

> ‘’…Siguro akong mashare or maibahagi sa aking kapwa guro para mas makuan ang asignaturang Filipino is that mag*collaborate* kana jud siya inthen magkaning *brainstorming* sa mga *strategies*...’’ (IDI 01)
>
> (Marahil ang maari kong maibahagi sa aking kapwa guro ayang kahalagahan ng pakikipagtulungan at aktibong pakikilahok sa mga talakayan tungkol sa estratehiya sa pagtuturo. Sapamamagitan nito, sama-sama naming pinauunlad ang aming kaalaman.*)*

Dagdag pa ni Amber (palayaw), mahalaga para sa kanya ang pagiging bukas sa pagbabahagi ng mga kaalaman at estratehiyang maaaring makatulong sa kapwa guro. Naniniwala siya na ang anumang natutunan lalo na kung ito ay epektibo sa kanyang pagtuturo ay hindi dapat itago, kundi ibahagi upang makinabang ang mas nakararami.

> ‘’Ang maibahagi ko sa kapwa ko guro ay dapat maging ano kung meron kamang nalaman nga mga estratehiya na para makatulong din sakanila at eshare mo sakanila.’’ (IDI 02)
>
> (Para sa akin, mahalagang maging bukas sa pagbabahagi. Kung may mga estratehiyang epektibo sa klase ko, ibinabahagi ko ito sa iba. Sa ganitong paraan, pareho pareho kaming natututo.)

Dagdag rin ni Yellow(palayaw) magtulungan lang talaga lalo na kung may mga katanungan o sitwasyon na mahirap sagutin. “Pagtutulungan lang talaga kung may mga katanungang hindi ko kayang sagutin, maari kong sabihin ang ‘call a friend’ upang makapagpalitan kami ng ideya.

> ‘’…Dako kaayo'g kahinungdan ang panagtinabangay labi na kung adunay bag-ong kahibalo. Pananglitan, sa dihang mitambong mi og seminar bahin sa Matatag Curriculum, tulo ra mi nga representante gikan sa among tunghaan. Usa sa amo kay Filipino major. Mao nga naghimo mi og gamay nga sharing session sa among faculty aron maambit namo ang among mga nahibal-an...’’ (IDI 08)
>
> (Napakahalaga ng pagtutulungan lalo na kung may mga bagong kaalaman. Halimbawa, noong dumalo kami ng seminar tungkol sa Matatag Curriculum, kami lang tatlo ang kinatawan mula sa paaralan. Isa sa amin ay Filipino major. Kaya gumawa kami ng maliit na sharing session sa aming faculty para maibahagi ang mga natutunan*.)*

Karagdagang pahayag naman ni Green (palayaw), binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagtutulungan sa hanay ng mga guro upang magkaroon ng pagbabahagian ng kaalaman at mas maging magaan ang kanilang gawain. Ayon sa kanya:

> ‘’…Sa among kasinatian, tinuod gyud nga importante ang panagtinabangay. Kung naa koy pangutana nga lisod tubagon, dili ko magduha-duha nga mangutana sa ubang magtutudlo. Sa ing-ani nga paagi, mas magaan ang among trabaho ug mas molapad pa ang among pagsabot sa pagtudlo sa Filipino...’’ (IDI 10)
>
> (Sa aming karanasan, talagang mahalaga ang pagtutulungan. Kapag may tanong ako na hindi ko kayang sagutin, hindi ako nagdadalawang-isip magtanong sa ibang guro. Sa ganitong paraan, mas gumagaan ang trabaho at lumalawak ang aming pag-unawa sa pagtuturo ng Filipino.)

Iginiit naman ni Furina (palayaw) kailangan talagang pag-aralanan at kung ano ang kaniyang nalalaman patungkol sa Filipino ay ibahagi ko ang aking mga nilalaman o kaalaman.

> ‘’…Ang importante mao ang open nga komunikasyon. Kung adunay kauban nga magtutudlo nga nanginahanglan og giya, andam ko nga

moambit sa akong mga nahibal-a sa Filipino isip kabahin sa akong responsibilidad isip usa ka kauban. Dili unta nato pagdumtan ang pagpaambit sa kahibalo..." (DI 07)

(Ang mahalaga ay ang bukas na komunikasyon. Kung maykapwa guro na nangangailangan ng gabay, handa akong magbahagi ng mga natutunan ko sa Filipino bilang bahagi ng aking responsibilidadf bilang kasamahan. Dapat walang pagdadamot sa kaalaman.)

**Pagtanggap at Pagpapalaganap ng Kritikal na Feedback sa Pagtuturo**

Ang pagtanggap at pagpapalaganap ng kritikal na feedback sa pagtuturo ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagpapabuti ng isang guro. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga puna, mas nagiging aware ang isang guro sa mga aspeto ng kanyang pagtuturo na nangangailangan ng pagbabago o pagpapabuti. Ito rin ay nagbibigay ng pagkakataon upang magpatuloy sa pagkatuto at pag-unlad bilang isang guro.

Ayon kay Jean (palayaw) na mahalaga ang pagtanggap sa mga kritikal na feedback mula sa mga kasamahan at nakatataas sa trabaho. "Mahalaga na tanggapin natin ang mga kritiko ng mga guro, lalo na ang mga master teacher at punong guro na nagsasagawa ng obserbasyon. Kaya pagkatapos nilang magbigay ng puna o paalala, dapat nating itong tanggapin ng bukas ang isipan.

''…Kinahanglan dawaton jud nimo ang mga critics sa mga *teachers or especially* ang mag kuan *especially master og principal* ang mag *observe so after* a dawaton lang judn imo unsa aqng ecritics saimo sailahang mga reminders...'' (IDI 05)

(Mahalaga na bukas tayo sa kritisismo, lalo na kung ito ay mula sa mga master teacher o punong guro. Ang mga puna nila ay hindi para maliitin tayo, kundi para mapahusay pa ang ating pagtuturo.)

Iginiit naman ni Green (palayaw) ang kahalagahan ng pagiging bukas sa mga mungkahi at estratehiya ng kapwa guro, lalo na kung sila ay may mas malawak na karanasan o kaalaman sa pagtuturo. Ayon sa kanya, hindi dapat ikahiya kung may ibang mas mahusay dapat itong tanggapin bilang oportunidad para sa personal na pag-unlad. Naniniwala rin siya na sa halip na ikumpara ang sarili sa iba, mas makabubuti kung pagtuunan ng pansin ang sariling pagpapahusay sa propesyon.

'' …Kung naay kauban nga magtutudlo nga mas aduna'y kasinatian o kahibalo, importante nga paminawon ang ilang mga sugyot. Dili tungod kay magtutudlo na ta, kabalo na ta sa tanan naay mas maayong pa nato, ug okay ra kaayo na….'' (IDI 10)

(Kung may kapwa guro na mas may karanasan o kaalaman, mahalagang pakinggan ang kanilang mga mungkahi. Hindi porket guro na tayo ay alam na natin lahat may mas magaling pa sa atin, at okay lang 'yun.)

Dagdag pa ni Mayuika (palayaw), mahalagang maging bukas ang isang guro sa pagtanggap ng mga konstruktibong puna mula sa kapwa guro, tagamasid, o maging mula sa mga mag-aaral. Para sa kanya, ang mga komentong ito ay hindi dapat ituring na personal na batikos kundi mga oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad.

(Una dapat open ka sakuan for constructivist feedbacks through that madevelop nanimo ang unsa madevelop.'' (IDI 04)

(Una sa lahat, dapat nating tanggapin ang mga puna sa positibong paraan. Sa pamamagitan ng mga ito, nakikita natin kung aling bahagi ng pagtuturo natin ang kailangang i-develop pa.)

Ayon naman kay **Green** (palayaw), mahalaga ang pagiging bukas sa paghingi ng feedback mula sa kapwa guro. Para sa kanya, hindi ito senyales ng kahinaan, kundi isang paraan upang mas maging maingat at mulat sa sariling pagtuturo.

''…Para nako, normal ra gyud ang mangayo og feedback. Labi na kung naay butang nga wala ko kasabot, dali ra ko muduol sa akong mga kauban. Importante kaayo ang panag-istorya aron mas masabtan og klaro ang mga konsepto...'' (IDI10)

(*Para sa akin, normal lang ang humingi ng feedback. Lalo na kung may hindi ako nauunawaan, agad akong lumalapit sa mga kasamahan ko. Mahalaga ang pag-uusap para mas maging malinaw ang mga konsepto*.)

**Patuloy na Matuto at Pagtanggap sa mga Hamon**

Para sa mga partisapante na sumagot.  Isa sa mga lumitaw na pananaw ay ang patuloy na matuto at pagtanggap sa mga hindi. Importante talagang magpatuloy na matuto lalong lao na hindi ka Filipino medyor kaya kailangan talagang matuto at pagtanggap sa mga hamon ang darating upang mas maging malakas ka sa mga darating mga hamon na iyong haharapin.

Ayon kay Furina (palayaw) para sa kanya napagtanto niya na kaya niya palaga magturo na hindi niya napapabayaan ang mga bata at ang kaniyang ginagawa ay magpatuloy lang matuto at magpakadalubhasa sa espesyalisasyon lalo na sa Filipino.

‘’Makarealize jud ka sa akong sarili maam nakaya nako for 6 years so ang bata wanako napabayaan ang akong ginabuhat is continue to learn and master the especialization especially in Filipino.’ (IDI 07)

(Napagtanto ko sa sarili ko na kaya ko pala. Sa loob ng anim na taon, hindi ko pinabayaan ang mga bata. Pinili kong magpatuloy sa pag-aaral at magpakadlubhasa lalo na sa Panitikang Filipino.)

Dagdag rin ni Yellow (palayaw) mahalaga ang patuloy na pag-aaral at hindi dapat tumigil sa pagtuturo. Para sa kanya, ang pag-aaral nang masigasig ay susi upang maibahagi ang tamang kaalaman at aral sa mga estudyante. Pinapakita nito ang kanyang dedikasyon na maging epektibong guro na laging handang magbigay ng makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral.

‘’Akong mga ginabuhat is dili jud magstop magtuon magstudy jud kay para naymahatag na learnings sa student.’’ (IDI 08)

(Hindi ako tumitigil sa pag-aaral. Ginagawa ko ito para mas mapabuti ang kalidad ng pagtuturo ko at may maibahagi akong makabuluhang aral sa aking mga estudyante.)

Ayon kay Ei (palayaw), mahalagang taglayin ng isang guro ang pagiging dynamic at may kakayahang umangkop sa anumang asignaturang itatalaga sa kanya. Ipinunto niya na bagama’t hindi Filipino ang kanyang espesyalisasyon, kailangan pa ring pag-aralan at unawain kung paano ito ituro sa epektibong paraan. Sa proseso ng patuloy na pag-aaral at pagtuturo, unti-unti rin umano niyang natututuhan at minamahal ang asignatura.

‘’…Isip usa ka magtutudlo, importante gyud ang kahibalo sa pag-angay. Kung itugyan nimo ang pagtudlo sa Filipino, bisan dili ni nimo major, kinahanglan nimong tuonon kung giunsa kini pagtudlo. Sa proseso, makat-on pud ka ug hinay-hinay nimong mahigugma ang maong asignatura…"

(Bilang guro, mahalaga ang kakayahang umangkop. Kapag itinalaga sa iyo ang Filipino, kahit hindi mo ito major, kailangan mong pag-aralan kung paano ito ituro. Sa proseso, natututo ka rin at unti-unti mong naiibigan ang asignatura.)

Karagdagang pahayag ni Mayuika (palayaw), mahalagang tanggapin ng isang guro ang realidad na hindi sa lahat ng pagkakataon ay ibinibigay ang asignaturang ayon sa kanyang espesyalisasyon. Ayon sa kanya, bahagi ito ng propesyon at wala ring ibang pagpipilian kundi ang paghusayan ang pagtuturo. Sa halip na magreklamo, pinili niyang paunlarin ang sarili upang magampanan nang maayos ang tungkulin bilang guro.

‘’…Dawaton nato ang kamatuoran dili permi ang asignaturang gihatag nato kay angay sa atong espesyalisasyon. Ako mismo nagtudlo og Filipino, *English*, ug uban pa. Imbis nga magreklamo, mas gipili nako nga palamboon ang akong kaugalingon...’’ (IDI 04)

(Tanggapin natin ang realidad—hindi palaging angkop ang ibinibigay na asignatura sa iyong espesyalisasyon. Ako mismo ay nagtuturo ng Filipino,

Ingles, at iba pa. Sa halip na magreklamo, mas pinili kong paghusayin ang sarili.)

Ayon naman kay Jean (palayaw), mahalagang tanggapin ang anumang hamon na kaakibat ng propesyon, lalo na kung hindi ito saklaw ng sariling espesyalisasyon. Para sa kanya, bahagi ng pagiging guro ang pagiging flexible o kakayahang umangkop sa anumang asignaturang itatalaga. Sa halip na tutulan, nararapat lamang na pagtuunan ito ng pagsisikap upang maibigay pa rin ang nararapat na kalidad ng edukasyon sa mga mag-aaral.

> ''Dawat kay part mana saimong work knowing na si teaher kay flexible kaya niya motudlo og other subject dilang saiyang major.'' (IDI 05)
>
> (Mahalagang tanggapin ang anumang hamon, lalo na kung ito ay hindi mo linya. Bilang guro, dapat kang maging *flexible* handa kang magturo ng kahit anong asignatura kung kinakailangan)

**Talahayan 4**

**Pananaw O Natutuhan Ng Mga Di Filipinong Mga Guro Sa Pagtuturo Ng Panitikang Filipino Na Maibabahagi Sa Mga Kasamahan O Sa Kabuoan Ng Paaralan**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pansuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagiging Flexible at Madiskarte sa Pagtuturo** | *''...Bilang guro, kailangan mong maging flexible. Kahit hind imo ito medyor ang Filipino, kailangan kayanin mong ituro ito. Parte ito ng pagiging propesyonal sa larangan ng pagtuturo...''* ***- IDI 04***<br><br>*''... Ang diskarte ko ay magsaliksik ng mga estratehiya para makapagturo ako ng mas epektibo sa mga bata. Kahit hindi ako Filipino medyor, gumagawa ako ng paraan para maibigay ko parin ang kalidad ng pagtuturo...''* ***-IDI 01***<br><br>*'' ... Gumagawa ako ng sarili kong estratehiya, at minsan humihingi rin ako ng tips sa mga kaibigan kong medyor sa Filipino***.** Importante ang diskarteng galing sa mga karanasan…*"* ***-IDI 06***<br><br>*"...Kailangan maging bukas tayo sa pagtuturo ng ibat ibang asignatura. Guro tayo, kaya dapat handa tayong magturo kahit hindi natin medyor. Dito lumalabas ang pagiging flexible…."*- ***05 IDI*** |
| **Kagalakan sa Pagtuturo at Pagmamahal sa Propesyon ay Kailangan** | *"... Masaya akong magturo kahit na sa simula ay mahirap. Sa paglipas ng panahon, nagging pamilyar ako sa asignatura at naramdaman ko ang kasiyahan at self-fulfillment habng nagtuturo…"*- ***IDI 04***<br>*"... Ang diskarte ko ay mahalin ang pagtuturo, kahit hindi ko ito major. Sa pagmamahal sa ginagawa, nagiging mas madali ang lahat..."* ***-IDI 02***<br>*"...Kahit nahihirapan ako, pinipilit kong maging masaya sa pagtuturo. Para sa akin, may commitment na ito tulad ng sa isang relasyon—pinili ko na kaya tatanggapin ko at mamahalini…"****- IDI 03***<br>*"...Mahalaga na patuloy tayong natututo at huwag tayong tumigil. Mahalin natin ang ating propesyon, at samahan ito ng panalangin…"****- IDI 07***<br>*"...Sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo ng Filipino, tinatanggap ko ito bilang bahagi ng propesyon. Dapat natin itong tanggapin at mahalin bilang hamon at oportunidad sa pag-unlad…"****- IDI 02***<br>*"...Ang mahalaga ay maging masaya ka habang nagtuturo. Sa dulo ng araw, ang layunin ay may matutunan ang mga bata, kaya dapat positibo tayo...."* ***-IDI 04*** |
| **Pagbuo ng Matibay na Suporta sa mga Guro para sa Pagpapabuti ng Asignaturang Filipino** | "… Marahil ang maari kong maibahagi sa aking kapwa guro ay Aang kahalagahan ng pakikipagtulungan at aktibong pakikilahok sa mga talakayan tungkol sa estratehiya sa pagtuturo. Sapamamagitan nito, sama-sama naming pinauunlad ang aming kaalaman..." **– IDI 01**<br>"… Para sa akin, mahalagang maging bukas sa pagbabahagi. Kung may mga estratehiyang epektibo sa klase ko, ibinabahagi ko ito sa iba. Sa ganitong paraan, pareho pareho kaming natututo at umuunlad… "**-IDI 02**<br>"…Napakahalaga ng pagtutulungan lalo na kung may mga bagong kaalaman. Halimbawa, noong dumalo kami ng seminar tungkol sa Matatag Curriculum, kami lang tatlo ang kinatawan mula sa paaralan. Isa sa amin ay Filipino major. Kaya gumawa kami ng maliit na sharing session sa aming faculty para maibahagi ang mga natutunan…"- ***IDI 08***<br>"… Ang mahalaga ay ang bukas na komunikasyon. Kung maykapwa guro na nangangailngan ng gabay, handa akong magbahagi ng mga natutunan ko sa Filipino bilang bahagi ng aking responsibilidad bilang kasamahan. Dapat walang pagdadamot ng kaalaman..."-***IDI 07***<br>"…Sa aming karanasan, talagang mahalaga ang pagtutulungan. Kapag may tanong ako na hindi ko kayang sagutin, hindi ako nagdadalawang-isip magtanong sa ibang guro. Sa ganitong paraan, mas gumagaan ang trabaho at lumalawak ang aming pag-unawa sa pagtuturo ng Filipino…"-***IDI 10*** |

| | |
|---|---|
| **Pagtanggap at Pagpapalaganap ng Kritikal na Feedback sa Pagtuturo** | "…Mahalaga na bukas tayo sa kritisismo, lalo na kung ito ay mula sa mga master teacher o punong guro. Ang mga puna nila ay hindi para maliitin tayo, kundi para mapahusay pa ang ating pagtuturo…"-**IDI 05**<br>"…Una sa lahat, dapat nating tanggapin ang mga puna sa positibong paraan. Sa pamamagitan ng mga ito, nakikita natin kung aling bahagi ng pagtuturo natin ang kailangang i-develop pa..."-**IDI 04**<br>"…Kung may kapwa guro na mas may karanasan o kaalaman, mahalagang pakinggan ang kanilang mga mungkahi. Hindi porket guro na tayo ay alam na natin lahat—may mas magaling pa sa atin, at okay lang 'yun..."-**IDI 10**<br>"…Para sa akin, normal lang ang humingi ng feedback. Lalo na kung may hindi ako nauunawaan, agad akong lumalapit sa mga kasamahan ko. Mahalaga ang pag-uusap para mas maging malinaw ang mga konsepto…"- **IDI 10** |
| **Patuloy na Matuto at Pagtanggap sa mga Hamon** | "…Napagtanto ko sa sarili ko na kaya ko pala. Sa loob ng anim na taon, hindi ko pinabayaan ang mga bata. Pinili kong magpatuloy sa pag-aaral at magpakadlubhasa lalo na sa Panitikang Filipino..."- **IDI 07**<br>"…Hindi ako tumitigil sa pag-aaral. Ginagawa ko ito para mas mapabuti ang kalidad ng pagtuturo ko at may maibahagi akong makabuluhang aral sa aking mga estudyante..." **-IDI 08**<br>"…Bilang guro, mahalaga ang kakayahang umangkop. Kapag itinalaga sa iyo ang Filipino, kahit hindi mo ito major, kailangan mong pag-aralan kung paano ito ituro. Sa proseso, natututo ka rin at unti-unti mong naiibigan ang asignatura…" **- IDI 06**<br>"...Tanggapin natin ang realidad—hindi palaging angkop ang ibinibigay na asignatura sa iyong espesyalisasyon. Ako mismo ay nagtuturo ng Filipino, Ingles, at iba pa. Sa halip na magreklamo, mas pinili kong paghusayin ang sarili..."- **IDI 04**<br>"...Sa halip na tutulan ang ibinigay na asignatura, tinanggap ko ito bilang bahagi ng trabaho. At dahil doon, pinilit kong hanapin kung paano ko mapapahusay ang sarili ko sa pagtuturo ng Filipino..."- **IDI 04**<br>"…Mahalagang tanggapin ang anumang hamon, lalo na kung ito ay hindi mo linya. Bilang guro, dapat kang maging flexible—handa kang magturo ng kahit anong asignatura kung kinakailangan…" **-IDI 05** |

sa lahat, magtulak ng positibong aksyon. Sa paggamit ng anim na *modes*, lalong pinatindi ang interaksyon ng *filmmaker* sa mga tauhan, na nagpapatingkad sa pagiging totoo at makatao ng dokumentaryo. Hindi lamang teknikal na impormasyon ang naihahatid nito, kundi isang buhay na karanasang humahamon sa kritikal na pag-iisip ng manonood. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng makabuluhang ambag sa larangan ng media studies, dahil ipinapakita nito kung paano nagiging mabisang midya ng edukasyon, inspirasyon, at panlipunang pagbabago ang dokumentaryo sa tulong ng wika bilang tagapagdala ng layunin, damdamin, at pagkilos.

## V. KONKLUSYON

Ang resulta sa pananaliksik na ito ay nagpamalas ng kongkretong ebedinsya na ang mga di-Filipino na mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino ay nagkaroon ng iba't ibang karanasan at nagpahayag ng kanilang mga pananaw at saloobin ukol sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri at pagpapakita ng kanilang mga karanasan, nabigyan ng boses ang mga kalahok upang maipahayag ang kanilang mga paraan at pananaw sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagbunyag sa mga naging dulot ng pandemya sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa muling pagbabalik ng in-person na klase, naglahad sa mga estratehiya ng mga guro sa kanilang pamamahala sa silid-aralan. Lumilitaw sa mga temang nabuo na may naging epekto ang pandernya sa aspekto ng pagkatuto ng mga mag-aaral, nahihirapan sa pagkonekta ng kanilang dating kaalaman sa kasalukuyan, nahihirapan sa tamang pagbabaybay ng mga salita, at higit sa lahat iba-iba ang kaugaliang kanilang pinapairal sa loob ng klase, kung kaya't mainam na magkaroon ng matibay na ugnayan ang mga guro at mag-aaral upang mas mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbabalik ng in-person na klase.

Sa karagdagan, ang mga karanasang ito ng mga guro ay nagbigay daan upang magbigay tugon sa epektibong paraan ang mga hamong kanilang naranasan sa pagtuturo at pamamahala nila sa silid-aralan. Ang mga naging tugon na ito ay higit na makakatulong sa mga guro at mag-aaral sa mas epektibo at interaktibong pagkatuto. Kung kaya't ang mga guro, magulang, mga kinauukulan at iba pang mga pamunuan ng paaralan ay maaaring magsagawa ng iba't ibang programa, pagsasanay na siyang magiging daan upang ang mga guro sa Filipino sa ikapitong baitang ay mas maging handa at mas mapaunlad pa nila ang kanilang sarili lalo na sa aspeto ng pagtuturo at pamamahala nila sa silid-aralan, makakatulong upang mapag-usapan ang kinakaharap na suliranin ng mga guro at mag-aaral.. Bukod dito, maaaring maibahagi rin sa mga guro sa Filipino sa ikapitong baitang ang mga angkop na estratehiya sa pagtuturo, pamamahala sa mga mag-aaral ang mga kagamitang lubos na makakatulong sa kanila upang mas maging mahusay ang daloy ng kanilang pagtuturo. Sa pagsasagawa ng penomenohikal na pananaliksik na ito sa karanasan ng inga guro sa Filipino sa ikapitong baitang sa pagbabalik ng in-person na klase. Jumalabas sa resulta na ito ay higit na makakatulong sa kagawaran ng edukasyon, sa mga guro, sa mga magulang at, sa administrasyon ng paaralan. Sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri at pagpapakita ng karanasan, pagtugon at ang pananaw ng mga guro sa pagbabalik ng in-person na klase, ang pananaliksik na ito ay nagsisilbing ugat upang makapagsagawa ang mga kinauukulan ng ng angkop at wastong pang-akademikong aktibidad na mas magpapalalim at magiging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Sa kagawaran ng edukasyon maaring tiyakin na may maayos na mga patakaran at protokol sa kalusugan upang masiguro ang kaligtasan ng mga mag-aaral at guro sa pagpasok sa paaralan. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay maaring gumawa ng mga hakbang upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa muling pagbabalik ng in-person na klase. Ito ay maaaring maglunsad ng mga programa kagaya na lamang ng mga pagsasanay, pangkatang pagkatuto, paglaan ng oras sa pagbabasa, o gumamit ng teknolohiyang makakatulong sa edukasyon. Maaaring maglaan ng mga serbisyong pang-psikolohiya para sa mga mag-aaral at guro upang matulungan ang mga ito na makatugon sa mga bagong pagsubok na kaakibat ng in-person na klase. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay maaring maglaan ng mga pag-aaral at malaman ang epekto ng pagbabalik sa paaralan sa mga mag-aaral at guro. Ito ay makakatulong sa pagbuo ng mga hakbang kung kinakailangan. Ang kagawaran ng edukasyon ay maaaring humiling ng karagdagang pondo mula sa pamahalaan para sa pag-implementa ng mga kinakailangang hakbang at proyekto na kaakibat ng pagbabalik sa in-person na klase.

Sa mga guro maaring pag-aralan ng mga guro ang mga estratehiya at teknik na makakatulong sa mga estudyante na mag-adapt sa pagbabalik sa in-person naUase. Maari nilang isama ang mga aktibidad na makakatulong sa pakikipag-ugnayan at pagkakaroon ng pisikal na interaskyon sa kanilang mga aralin. Maging sensitibo sa kalagayan ng mental ng kanilang mga estudyante. Maaaring isama sa kanilang plano ang mga aktibidad o pagsasanay na makakatulong sa pagpapalakas ng mental kalusugan ng mga estudyante pagkatapos ng mahabang panahon ng birtwal na pag-aaral. Maaaring gawin ng mga guro ang pagsusuri ng pag-aaral upang malaman kung aling mga kasanayan at kaalaman ang maaaring naapekto ng birtwal na pag-aaral. Ang mga guro ay maaaring magkaroon ng mga pagsasanay ukol sa paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral. Maari rin silang magkaroon ng akses sa sapat na kagamitan para sa kanilang mga estudyante.

Sa mga mag-aaral ang in-person na klase ay mahalaga sa pag-unlad ng mga kasanayang panlipunan at emosyonal ng mga mag-aaral. Maari silang makaranas ng mas maraming pagkakataon para sa interpersonal na ugnayan. Ang in-person na klase ay maaaring magkaroon ng positibong epekto sa pagsusumikap ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ang mga guro ay mas makakapagbigay ng masusing suporta sa kanilang mga mag-aaral. Hindi lahat ng mag-aaral ay may sapat na akses sa teknolohiya, kaya't ang pagbabalik ng in-person na klase ay maaaring maging benepisyal sa mga estudyante na nagkukulang sa mga gadgyet. Ang mga mag-aaral ay maaaring makaranas ng mas mataas na kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng mas malapit na ugnayan sa kanilang mga guro at kaklase.

Sa mga magulang mahalaga ang papel ng mga magulang sa pagtutok sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Maaring magbigay ng moral at pang-akademikong suporta, at alamin ang mga gawain at proyekto ng kanilang mga anak. Maaaring magkaroon ng mga pampaaralang pagtitipon, guro-magulang na pag-uusap, at iba pang mga gawain na maghikayat sa partisipasyon ng mga magulang sa paaralan. Mahalaga ang papel ng mga magulang sa pagbabalik sa personal na klase, at ang kanilang suporta at kooperasyon ay may malalim na implikasyon sa pag-unlad at kaligtasan ng kanilang mga anak.

Sa administrasyon ng paaralan pagtutok sa mental na kalusugan, programang maaring inilunsad ng paaralan upang suportahan ang mental na kalusugan ng mga mag-aaral at guro, dahil ang pandemya ay nagdulot ng stress at anxiety. Magkaroon ng mga programa para sa mga estudyante na may kakulangan sa kanilang pag-aaral noong panahon ng birtwal na pag-aaral. Ang mga paaralan ay maaaring maglaan ng mga tutoriya at iba pang pag-aaral na suporta upang matulungan ang mga mag-aaral na makabawi mula sa anumang akademikong pagkukulang na dulot ng pandemya. Ang mga nabanggit na implikasyon ay naglalayong mapanatili ang kaligtasan. kalusugan, at epektibong pag-aaral ng mga mag-aaral sa panahon ng muling pagbabalik sa in-person na klase matapos ang pandemya.

Sa kawani sa kagawaran ng edukasyon, guro, sa mga magulang, at sa administrasyon ng paaralan, mahalagang mayroong sapat na pananaw, karanasan at kaalaman upang maunawaang mabuti ang kahalagahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbabalik ng in-person na klase. Ang pag-unawa sa karanasan ng mga guro sa pagbabalik ng in-person at ang kanilang pamamahala sa silid aralan ay malaking tulong sa bawat guro upang makahanap ng mga solusyon sa mga hamong nararasan ng mga mag-aaral at guro sa pagbabalik ng in-person na klase. Sa kabuoan, ang pagbabalik ng in-person na klase ay may malalim na epekto sa sistema ng edukasyon at sa buhay ng mga mag-aaral at guro. Mahalaga ang maayos na paghahanda at kooperasyon ng lahat ng sangkot upang mapanatili kalidad na pagtuturo.

## TALASANGGUNIAN


[1] Ajani, O. A. (2019). Understanding teachers as adult learners in professional development activities for enhanced classroom practices. AFFRIKA Journal of Politics, Economics and Society, 9(2), 195-208. Available at: https://doi.org/10.31920/2075- 6534/2019/9n2a10.

[2] Augusto, W. S., Jr. (2020). Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri. The Normal Lights, 14(2), 195 – 220.

[3] Boyatzis, R. E. (1988). Competencies in the 21st century. Journal of Management Development, 7, (2), 7-11.

[4] Braun, V. & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3, 77-101. doi: 10.1191/1478088706qp063oa.

[5] Bricki & Green., (2007). Consolidated criteria for reporting qualitative research (coreq): a 32-item checklist for interviews and focus groups. International Journal for Quality inHealth Care. 2007:19(6):349 357. https://doi.org/10.1093/intqhc/mzm042.

[6] Casinillo, L., & Guarte, J. (2018). Evaluating the effectiveness of teaching strategies: The case of a national vocational school in Hilongos, Leyte. Review of Socio-Economic Research and Development Studies, 2(1), 65-80. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3804151.

[7] Caylao, F. R. (2020). My thoughts on out-of-field teaching. Sun.Star Pampanga. Retrieved November 5, 2016 from https://www.pressreader.com.

[8] Coffey, A., & Atkinson, P. (1996). Making sense of qualitative research startegies.

[9] Creswell, J. (2009) 36. Research Design: qualitative, quantitative, and mixed approaches. Los Angeles: Sage.CA: Sage.
[10] Creswell, J. (2014). Research design: qualitative, quantitative and mixed methods approach. 3rd ed. Thousand Oaks, https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3312514/.
[11] Creswell, J. W. (2012). Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (4th ed.). Boston: Pearson.
[12] Creswell, J. W. (2013). Educational Research Planning, Conducting and Evaluating Quatitative and Qualitative Research Brothers, Inc. and Phoenix Color Corp. Fourth Edition. Boston. Edwards.
[13] Creswell, J.W. (2013). Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing among Five Approches. Sage Publications.
[14] Cruz, M., & Santos, P. (2021). Impact of non-specialization on teachers' ability to deliver deep and meaningful instruction. Philippine Journal of Teacher Education, 29(4), 302-317.
[15] Fell-Kurban, C. (2019). Designing effective, contemporary assessment on a flipped educational sciences course. Interactive Learning Environments, 27(8), 1143-1159. https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/10494820.2018.1522650.
[16] Gudykunst, William B. (1988), 'Uncertainty and Anxiety',in Kim, Y.Y. and Gudykunst, W. B. (eds.), Theories in intercultural communication, Newbury Park, CA: Sage, pp. 123– 156.
[17] Hobbs, L. (2020). Learning to teach science out-of- field: A spatial-temporal experience. J ournal of Science Teacher Education, 1-21.
[18] Houghton et al., (2013). Rigour in qualitative case study research. Nurse Researcher, 20(4), 12 17. https://www.researchgate.net/publication/236072601.
[19] Huberman, A.M. (1994): Qualitative data analysis: An expanded spurcebok (2nd ed).
[20] Kenny, J., Hobbs, L., & Whannell, R. (2020). Designing professional development for teachers teaching out-of-field. Professional development in education, 46(3), 500-
[21] Kim, Young Yun. 1988. Communication and Cross-cultural Adaptation: An Integrative Theory. Clevedon, United Kingdom:Multilingual Matters. 515.
[22] Koch, T. (2006). Establishing rigour in qualitative research: the decision trai Journal of nursing. https://www.researchgate.net/publication/6861910 53.
[23] Kolb, D. A. (1984). Experiential Learning: Experience as the Source of Learning and Development. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall.http://academic.regis.edu/ed205/Kolb.pdf
[24] Kwak, Y. (2019). Secondary school science teacher education and quality control in Korea based on the teacher qualifications and the teacher employment test in Korea. Asia- Pacific Science Education, 5(1), 1-14.
[25] Magahis, H. L. A. (2019). Panitikang mapagpalaya o mandaraya? isang holistikong kritika sa kasalukuyang panitikang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 7-10. https://ejournals.ph/article.php?id=13884.
[26] Manny V. (2019). Isang dakilang propesyon. http://balita.net.ph/2019/09/18/isang-dakilang-propesyonunang-baha.
[27] Maree, K., & Westhuizen, C. (2012). Career counseling with gay and lesbian clients: Developing affirming attitudes and competencies. Journal of Psychology in Africa, 22(3), 469-475.
[28] Mouton, J. & Marais, H. (1999): Basic concepts in the methodology of the social sciences. Pretoria: Sciences Research https://books.google.com of Council.
[29] O'Meara, N., & Faulkner, F. (2021). Professional development for out-of-field post-primary teachers of matl an analysis of the impact of mathematics specific pedagogy training. Irish Educational Studies, ... https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/03323315.2021.1899026.
[30] Pacana, N. M. S., Ramos, C. D., Catarata, M. N., & Onocian, R. B. (2019). Out-of-field social studies teaching through sustainable culture-based pedagogy: A Filipino perspective. International Journal of Education and Practice, 7(3), 230-241. https://eric.ed.gov/?id=EJ1239341.
[31] Panganiban, M. (2020). Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino: Mga Posibleng Solusyon sa Bawat Suliranin. Nakuha noon ika-25 ng Pebrero, 2020.
[32] Pollt. D. & Beck, C. (2012). Nursing research: generating and evidence for nursing practice. Philadelpl ... ıms and Wilkins.
[33] Raymundo, M. S. (2021). Teaching Non-Major Subjects: A Challenge to Senior High School. Teachers. Journal of Education and Pedagogy, 15(2), 123-135. http://www.urs.edu.ph/wp-content/uploads/publications/the-ursp-research-journal/current-issue/05-Ray mundo.pdf Recede, R. A. A., Asignado, R. A., & Castro.
[34] M.A. (2023). Out-of-Field Teaching: Impact on Teachers' Self-Efficacy and Motivation. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(2), 519-533. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.19.
[35] Shah, C., Richardson, P., & Watt, H. (2020). Teaching„out of field"in STEM subjects in Australia: Evidence from PISA 2015 (No. 511). GLO Discussion Paper. Singapore
[36] Shenton, A. K. (2004). Strategies for ensuring trustworthiness in qualitative research projects.Educationinformation,22(2),https://www.academia.edu/3191808083/Gurong_Filipino_sa_Makabagong_PillipiResearcher,20(4),1217.https://www.researchgate.net/publication/236072601.

[37] Shukla, T., Dosaya, D., Nirban, V. S., & Vavilala, M. P. (2020). Factors extraction of effective teaching-learning in online and conventional classrooms.International Journal of Information and Education Technology, 10(6), 422-427. http://www.ijiet.org/vol10/1401- OC3023.pdf.

[38] Tenorio, P. A. A. (2022). Capacitating out-of-field public secondary teachers in Batangas Province. ıal Journal of Research in Engineering, Science and Management, 5(1), 218-225.

[39] Tobin, G. & Begley, C. (2004). Methodological rigor within a framework. Journal of Advanced Nursing, 48, 388 396. https://doi.org/10.1111/j.1365- 2648.2004.03207.x qualitative

[40] Vlenzona, R. (2019). A Teacher's Plight: THeProblem in our Educational System. Rappler.

**[41]** Van Manen, M. (2017). Phenomenology Qualitative health research, 27(6)775-779

Yumang, E. J. R. (2021). Bittersweet Moments in Teaching Non-Specialized Subjects Among Senior High School Teachers. European Journal of Humanities and Educational Advancements, 2(8), 7-10.

Zhao, G., Yang, X., Long, T., & Zhao, R. (2019). Teachers perceived professional development in a multi-regional community of practice: Effects of beliefs and engagement. Learning, Culture and Social Interaction, 23(2019), 1-13.